

Pagtatanggol ng mga mamamayan sa komisyonong kontra-katiwalian: Indonesia

Citizens Protect an Anticorruption Commission: Indonesia

Shaazka Beyerle

Chapter 5 from 'Curtailling Corruption'
Lynne Rienner Publishers
Translation: Xavier Alpasa, 2017

TRANSLATOR'S NOTES

Please insert any helpful information about this translation here.

KABANATA 5
PAGTATANGGOL NG MGA MAMAMAYAN SA KOMISYONG
KONTRA-KATI WALIAN: INDONESIA

(isinalin ni Xavier Roel Alvaran)

Sa pagtuntong ng dekada nobenta, tumataas na ang bilang ng mamamayang Indonesiong hindi nasisiyahan sa marahas na rehimen ni Heneral Suharto.¹ Walang hupa rin ang ginagawang pananakot ng mga politiko at militar. Kalauna’y ikinagalit ng maraming Indonesio ang lantarang pagpapayaman ni Suharto kasangkot ang kanilang mga kapamilya at katoto, mga patong-patong na iskandalo, at hayag na katiwalian. Sa dekada ring ito, nagsimulang mabuo at lumaganap ang bagong henerasyon ng mga grupong nagsusulong ng demokrasya at karapatang pantao. Nakipag-ugnayan sila sa mga organisasyong pinamumunuan ng mga mag-aaral at kabataan at nakiisa sa layunin ng ibang sektor sa lipunan, kabilang ang mga magsasakang nawalan ng lupa, mga pinagkaitang manggagawa, at mga pinuno ng mga pamayanan.² Lalong umigting ang deskontento ng mga tao nang magkaroon ng malawakang dayaan at karahasan sa halalan noong 1997.³ Tuluyan nang hindi makaahon ang kleptokrasya noong pumutok ang krisis-pinansiyal sa Asya noong 1998. Bumagsak ang halaga ng rupiah, ang salapi ng Indonesia. Agrabyado ang karaniwang mamamayan nang tumaas ang implasyon (*inflation*), kasabay ng pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin, pagbagsak ng pambansang pananalapi, paghina ng industriyal na sektor, at labis na kawalan ng trabaho.⁴

Makalipas ang 32 taon sa kapangyarihan, napilitang bumitiw sa puwesto si Heneral Suharto noong ika-21 ng Mayo, 1998. Bunga ang kaniyang pagbagsak ng pagkakabuklod ng mga organisadong grupo ng mga mag-aaral at mga relihiyoso, mga sunod-sunod na kilos-protesta sa buong bansa na binansagang kilusang *Reformasi* (reormasyon) laban sa “korapsyon, pakikipagsabwatan, at nepotismo (*corruption, collusion/cronyism and nepotism*),” at pang-iipit ng mga naghaharing politiko.⁵ Pagkatapos ng isang taon, muling nagsimula ang multi-etnikong Indonesia ng panibagong kabanata sa pamamahala nang idaos nito ang unang malayang halalang pamparlyamentaryo na huli pang ginanap noong 1955.⁶ Sa kabila nito, nagmana ang pasibol na demokrasya ng sandamakmak na suliraning maihahalintulad sa dinanas ng bayan noong matapos ang pandaigdigang digmaan, mula sa malawakang karukhaan hanggang sa 30 taong armadong sagupaan sa Aceh na nagdulot ng 15,000 patay, marupok na mga institusyong pang-estado, kawalan ng kaparusahan sa mga abusadong pulisya at militar, at endemikong katiwalian. Pawang hindi na nawala ang huli sa balangkas ng kapangyarihan sa mga institusyon ng gobyerno, puwersang panseguridad tulad ng militar at pulisya, administrasyong pampubliko, at panlipunang diwa ng bansa.

Konteksto

Sa kabila ng kaguluhan, nabuo ang *Komisi Pemberantasan Korupsi* (Komisyon para sa Pagsupil ng Korapsyon), na mas kilala sa inisyal nitong KPK. Noong 2002, ipinasa ng Kongreso ng Indonesia ang batas ng KPK na naging ligal na basehan sa pagbuo nito. Naging makabuluhang yugto sa *reformasi* ang pagkakapasa ng nasabing batas na siyang naging paunang pagkilos upang magkaroon ng pagbabago sa politika at mapalalim pa ang

demokrasya. Naging operasyonal ang komisyon noong 2003 dala ang ilang mahahalagang papel sa bayan. Mayroon itong awtoridad ng magsiyasat ng anomalya, maglitis, at magpataw ng kaukulang parusa sa sinumang mapatutunayang nagkasala sa sarili nitong korte at ikulong ang mga napatunayang nagkasala sa sarili nitong hukumang independiyente sa Tanggapan ng Attorney General.⁷ Malawak ang hurisdiksiyon nito, at nasasaklaw ang lahat ng sangay ng pamahalaan, ang pulisya (liban sa militar), at pati na ang pribadong sektor kung nasasangkot sila sa mga kasong laban sa mga pampublikong opisyal. Mayroon ding kapangyarihan ang komisyon magmanman at mag-imbestiga, kabilang na ang kakayanang lihim na makinig sa linya ng telepono (*wiretapping*), putulin ang mga linya ng komunikasyon, suriin ang mga tala sa bangko at ng buwis, mag-isyu ng mga kautusan, ipagbawal ang anumang uri ng paglalakbay, at pati ang mag-aresto.⁸

Habang maraming komisyon ang itinuturing na pakitang-tao lamang (“*window-dressing*”) upang kaluguran ng mga dambuhalang donor at multinasyonal, mayroon ding iilan na may tunay na paninindigan sa pagsugpo sa katiwalian at pagiging bukas sa publiko. Isa ang KPK sa mga ito. Nailantad ng KPK ang samu’t saring katiwalian sa lokal at pambansang nibel ng pamahalaan, parlyamentaryo, administrasyon, pribadong sektor, at pulisya na nagkaroon ng di-kanais-nais na reputasyon sa publiko. Ayon sa Corruption Perceptions Index ng Transparency International-Indonesia na isinasagawa kada dalawang taon, kinilala ang pulisya bilang isa sa mga pinakatiwaling institusyon noong taong 2006, 2008, at 2010.⁹ Mula 2004, naging mahusay ang KPK sa pagpapakulong sa mga nagkasala kabilang ang mga kasapi ng Gabinete, mga gobernador, mga kasapi ng hudikatura, mga mambabatas, mga kasapi ng Komisyon Panghalalan

(Election Commission), mga ambasadador, at mga negosyante.¹⁰ Bilang resulta, napawi ang alinlangan ng publiko at umani ang komisyon ng paggalang at paghanga. Nakita ito ng mamamayan bilang “ang pag-asa para ayusin ang bayang nasadlak (*the hope to fix a broken country*),” wika ni Illian Deta Arta Sari, aktibista at tagapangasiwa ng pampublikong kampanya ng Indonesia Corruption Watch.¹¹

Simula nang maging mabisa ito sa pagsugpo ng sistema ng impluwensiya at pagnanakaw sa loob ng sangay ng ehekutibo, lehislatura, at hudikatura, at Bangko Sentral at pribadong sektor, naging punterya ng mga banta ang KPK. Kabilang na sa mga aktong ito ng pananabotahe sa KPK ay ang kriminalisasyon ng pulisya, mga banta ng pambobomba, kautusan ng Hukumang Pangkonstitusyon noong 2006 na nagsasaad na hindi naaayon sa Konstitusyon ang batas na bumubuo sa KPK at sa independiyenteng hukuman nito, at ang kinalaunang pagtatangka ng parlyamentaryo na bawasan ang badyet at mandato nito at baguhin ang mga *Corruption Court* (mga hukuman nitong naglilitis ng mga kasong may kinalaman sa katiwalian). Nagpatuloy ang mga pag-atakeng ito sa KPK.¹² Lumala ang sitwasyong ito noong 2009, nang magsimulang siyasatin ng KPK ang mga kahinalang pananalapi sa kilalang insidente ng *Bank Century bailout*.¹³ Nabisto ang pagtatangka ng hepeng tagapagsiyasat ng pulisya na si Susno Duadji na impluwensiyahan ang desisyon ng mga mambabatas at mabuksang muli ang mga *account* ng Bank Century.¹⁴ Isang kaso din ang binuksan ng KPK noong Enero ng taong iyon ang kinasangkutan naman ni Aulia Pohan, ang Kahaliling Gobernador ng Bangko Sentral, na siya ring biyenan ng anak na lalaki ni Pangulong Susilo Bambang Yudhoyono. Noong Hunyo 2009, pinatawan siya ng Corruption Court ng parusang pagkakabilanggo sa loob

ng 4.5 taon.¹⁵ Sa mga huling araw ng buwang iyon, pinarating ng pangulo ang kaniyang disgusto sa Komisyon. Wika niya, “Labis-labis ang kapangyarihan ng KPK; tila ba kay Allah na lamang ito maaaring managot. Mag-ingat kayo! (*The KPK holds extraordinary power, responsible only to Allah. Beware!*)”¹⁶

Hindi na nakagugulat nang lumakas ang mga tangkang pahinain o higit pa’y tuluyang buwagin ang Komisyon. Noong ika-2 ng Mayo 2009, inaresto ng pulisya ang Tagapangulo ng KPK na si Antasari Azhar, dahil sa konspirasyon sa pagpaslang dulot ng alitan sa pag-ibig.¹⁷ Eksaktong dalawang linggo ang makalipas, habang nasa detensyon, inakusahan niya ang dalawang kahaliling komisyonadong sina Bibit Samad Rianto and Chandra Hamzah na sangkot sa pangingikil at katiwalian.¹⁸ Walang iba kundi si Chief Detective Susno mismo ang naghatid ng nakasulat na pahayag. Agarang sinimulan ng pulisya ang siyasat. Noong ika-11 ng Setyembre, sinimulan nilang kapanayamin sina Bibit at Chandra, at noon ding ika-15 ng buwang iyon ay idineklara na ang dalawa bilang mga suspek.¹⁹ Noong ika-21 ng Setyembre, naglabas ng kautusan si Pangulong Yudhoyono na panandaliang sinuspende sina Bibit at Chandra, at binuo ang isang grupo sa ilalim niya na magrerekomenda ng mga bagong itatalagang komisyonado.²⁰ Hinamon naman ng mga sinibak na opisyal ang kautusang ito sa Hukumang Pangkonstitusyon.²¹

Kampanya

Mga Layon at Estratehiya. Noong Hulyo pa lamang, ayon kay Deta Arta Sari, bago pa man arestuhin sina Bibit at Chandra, isang pangunahing grupo ng mga pinuno ng mga organisasyong panlipunan ang “nakakita na ng mga tanda (*saw the signs*)”. Marami sa

kanila ay mga datihang batang aktibista na lumaban para sa demokrasya at karapatang pantao noong 1990 at naging mga beterano ng kilusang *Reformasi* laban naman sa rehimeng Suharto. Nagkakilanlan sila at napagpasyahan nilang nararapat ang aktibong pagbuo ng estratehiya at plano upang ipagtanggol ang KPK – ang institusyon, ang mandato at awtoridad nito – bago mahuli ang lahat. “Nakababahala ang panahong ito para sa KPK. Mapa-pulisya man, ang Tanggapan ng Attorney General o ang parlyamentaryo, may sistematikong layon para buwagin ang KPK (*It’s now a very dangerous time for the KPK. Whether it’s the police, Attorney General’s Office or parliament, there is a systematic agenda to destroy the KPK*),” wika ni Teten Masduki, isang beteranong tagapagtaguyod ng demokrasya na noo’y Punong Ehekutibo rin ng Transparency International-Indonesia.²² Napagtanto nilang ang natatanging paraan para mapanatili ang Komisyon ay ang pagpapakita ng puwersa. Ang puwersang ito, ayon kay Deta Arta Sari, ay ang organisadong lakas ng bayan (*people power*). “Napagtanto namin na wala nang ibang institusyon ng pamahalaan ang nagsisikap upang maipagtanggol ang KPK, kaya nararapat lamang na ang bayan na ang gumawa nito (*We realized that no government institution would protect KPK, so the people had to protect it*).”

Ang pangkalahatang estratehiya ng kampanya ay ang pagpapatibay ng kapangyarihang politikal upang maipagtanggol ang KPK, sa pamamagitan ng puwersang nanggagaling sa mga mamamayang nakatuon kay Pangulong Yudhoyono, na siya namang napagwagian ang kaniyang ikalawang termino dulot ng kaniyang sariling malakas na kampanya laban sa katiwalian. Noong una, hinikayat ng mga tagapagtaguyod ng kampanya ang Pangulo na maglabas ng pampublikong paninindigan upang suportahan ang Komisyon at pigilin

ang mga kontra dito tulad ng Tanggapan ng Attorney General at ang Parlyamentaryo. Kinalaunan, sa gitna ng mga hindi inaaasahang pangyayari, hiniling ng kampanya na magbuo ng independiyenteng komisyon upang mabilis na siyasatin ang mga kaso laban sa dalawang komisyonado at maitalaga silang muli sa KPK, at ang agarang reporma sa Tanggapan ng Attorney General at ng pulisya.

Pagbuo ng Koalisyon. Isa sa mga unang hakbang na ginawa nila ay ang pagbubuo ng matibay na koalisyon mula sa panlipunang masa. Naging pangunahin sa koalisyong ito ang mga kasapi ng *Judicial Monitoring Coalition* (KPP). Binubuo ito ng mga grupong tagapagtaguyod ng demokrasya tulad ng *Indonesia Corruption Watch* (ICW), *Centre for Policy and Law Studies* (PSHK), *Indonesia Institute for Independent Judiciary* (LeIP), *Indonesian Legal Aid Foundation* (YLBHI), *Indonesian Legal Roundtable* (ILR), *Indonesia Transparency Society* (MTI), *Jakarta Legal Aid Institute* (LBH), *National Law Reform Consortium* (KRHN), at *Transparency International-Indonesia*. Ipinahayag ni Deta Arta Sari at Emerson Yuntho, isa ring katuwang na aktibistang kontra-katiwalian at *Law and Justice Monitoring Coordinator* sa ICW, na nilapitan ng mga tagapagtatag ng kampanya ang iba't ibang organisasyon at inisyatiba sa buong bansa, kabilang ang mga grupo ng kababaihan, mga organisasyong ukol sa karapatang pantao, mga grupo ng mga mag-aaral, mga relihiyoso, mga lokal na kampanya kontra katiwalian, at organisadong obrero, upang hingin ang kanilang suporta.

Ilan sa mga grupong sibiko ay ang: KontraS (*Commission for the “Disappeared” and Victims of Violence*), isang pangunahing organisasyon para sa karapatang pantao; RACA

(*Institute for Rapid Agrarian Conflict Appraisal*), na namamagitan sa mga salungatang agraryo; at FAKTA (*Jakarta Citizens' Forum*), na nakatuon sa maralitang tagalungsod. May ilan ding mga maka-Kaliwang unyon ang sumali sa koalisyon. Higit sa 100 grupo ang umanib sa kampanya mulang pambansang nibel at ang iba'y mulang nibel ng probinsiya at lokal na pamayanan.

Tuko laban sa buwaya. Opisyal na inilunsad ng mga pinuno ng kilusan ang kampanyang “CICAK” noong ika-12 ng Hulyo, 2009 sa pamamagitan ng isang *deklarasi*, isang pampublikong deklarasyon na sinuportahan ng ilang pinagpipitagang pambansang personalidad, tulad ni Abdurrahman Wahid, ang kauna-unahang hinalal na pangulo noong 1999, at dalawang dating komisyonado ng KPK na sina Taufiqurrahman Rukie at Erry Riyana Hardjapamekas. Isinagawa nila ang paglulunsad sa araw ng Linggo upang maraming tao ang makadalo at higit pa dito ang lumahok dahil sa presensiya ng rakistang bandang Slank. May dalawang kahulugan ang CICAK. Inisyal ito ng pamansag na *Cintai Indonesia Cintai KPK* na tumutumbas sa “*Love Indonesia, Love Anti-Corruption Commission*” sa Wikang Ingles. Tinutukoy din nito ang hayop na “tuko”, na ginawa nilang simbolo ng pakikibaka mula sa dating terminong ginagamit lamang ng pulisya sa panlilibak. Noong Abril ng taong iyon, sinabi ni Chief Detective Susno sa panayam sa isang magasin na alam niya ang ginagawang pagsisiyasat at lihim na pagmamanman sa kaniya ng KPK ngunit dagdag niya, “Ito’y tila tukong kumakalaban sa buwaya (*It’s like a gecko challenging a crocodile*),” ang huli bilang kaniyang paglalarawan sa pulisya.²³ Ikinagalit ng publiko ang kaniyang komento nang napagtanto nilang hayagang itinatakwil ng hepe ang Komisyon at ang kabuuang pakikibaka sa katiwalian, ang dahilan kung bakit nakinabang ang mga nasa kapangyarihan at naloko ang karaniwang mamamayan.

Sa mga sumunod na linggo hanggang Setyembre, nabuo ang mga grupo ng kampanyang CICA sa 20 ng kabuuang 33 probinsiya ng bansa. Nagtayo din ng labas na sangay pati ang mga Indonesiyong mag-aaral na nasa Cairo.²⁴ Nanindigan din ang mga kilalang estadista, mga artista, at mga relihiyoso bilang suporta sa komisyon. Handang-handa na ang mga tagapangasiwa ng CICA upang ihatid ang galit ng sambayanan patungo sa isang malawakang pakikibaka, na halos katumbas ang kilusang *Reformasi* na kontra-Suharto.

Naging premonisyon para sa komisyon ang mga sumunod na kaganapan. Noong Agosto, inulat ng media na ang pagmamayabang ni Hendarman Supandji, punong tagapaglitis ng bansa, na kung nagsanib-puwersa lamang noon ang pulisya at ang Tanggapan ng Attorney General sa kaso ng Bank Century, hindi lamang magkakaroon ng buwaya kundi dambuhalang Godzilla.²⁵ Gayunpaman, hindi nagpadala sa takot ang KPK. Lalo pa itong naging masigasig sa mga pagsisiyasat, at noong ika-9 ng Setyembre, inanunsyo nito ang imbestigation kay Chief Detective Susno sa patong-patong na kasong katiwalian. Kasunod kaagad nito ang nakabibilib na paglabas naman sa media ng mga *wiretap*, na nagbisto sa ginagawang katiwalian at pangungurakot ni Susno at ng iba pang mga opisyal ng pulisya, kabilang na ang mga tangkang impluwensiyahan ang pasya ng mga mambabatas at muling buksan ang *bank account* ng Bank Century.²⁶ Pormal na inakusahan naman ng pulisya si Kahaliling Punong Chandra noong ika-26 ng Agosto na suspek diumano sa pang-aabuso sa kapangyarihan at pangingikil, at si Kahaliling Punong Bibit naman noong ika-15 ng Setyembre. Rumesbak ang KPK pagkalipas ng dalawang

linggo sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga kaso laban kay Chief Detective Duadji at pagpapabalik sa puwesto kay Dadang Trisasongko, sibikong pinunong kontra-katiwalian at beterano ng kilusang *Reformasi*.

Mga pansamantalang panawagan. Noong ika-29 ng Oktubre, inaresto ng pulisya sina Bibit at Chandra sa kasong pang-aabuso ng kapangyarihan. Naganap ang pag-aresto matapos ipag-utos ni Pangulong Yudhoyono ang pagsisiyasat sa ginawang mga *wiretap* ng KPK kasangkot ang isang nakatataas ng opisyal mula sa Tanggapan ng Attorney General, kung saan pinaratang ng isa sa mga nagsasalita na sinusupportahan ng Pangulo ang mga panggigipit sa KPK. Noong ika-30 ng Oktubre, nagbigay ang pangulo ng pahayag sa telebisyon at sinabi niyang hahayaan niya ang pulisya na ituloy ang kanilang kaso. Iginiit niya na kailangang umusad ang kaso nina Bibit at Chandra sa prosesong ligal at nasasabatas, hanggang sa umabot ito sa mga hukuman. Dahil tiwali at bahagi ng binansagang “*judicial mafia* (hudikaturang sindikato)” ang lahat ng institusyong nasasangkot – ang Pambansang Pulisya, Tanggapan ng Attorney General at ang Hudikatura – nanawagan ang mga lider ng CICA na bumuo ng isang independiyenteng komisyon na magsisiyasat sa mga pag-aresto sa mga komisyonado ng KPK. Pinaninindigan ng mga aktibista na napakanipis ng kaso ng pulisya. Nanawagan din sila sa agarang pag-usad ng mga imbestigasyon upang pigilin ang anumang banta ng pagpapabagal sa kaso, pagpapatagal sa pagkakabilanggo sa dalawang komisyonado, at paninira sa institusyong kontra-katiwalian.

Pagpapataas ng taya ng lakas ng bayan. Nagngingitngit sa galit ang sambayanan sa pulisya at masama ang loob sa pinuno nitong nagwagi pang muli sa halalan gamit ang platapormang kontra-katiwalian. Ngunit sumablay ang anumang ginawang panggigipit sa mga komisyonado ng KPK. Nagsimula ng CICA Facebook group na may titulong “A Million Facebookers in support of Bibit-Chandra (Isang milyong Facebookers na suportado si Bibit-Chandra)” si Usman Yasin, isang batang gurong nasa mataas na pag-aaral. Nagkaroon ang inisyatibang ito ng napakalaking papel na nahigitan ang inakala ng lahat.²⁷ Ginamit ng mga nasa Twitter ang *hashtags* na “#dukungkpk” o “support KPK” upang ipakita ang kanilang pakikiisa at paniniwala sa kampanya.²⁸ Hinimok din ang mga *netizen* na palitan ang kanilang retrato sa Facebook ng simbolo ng CICA. Higit na dumami pa ang kasapi ng Facebook group sa puntong inantabayanan na rin ito ng balita sa telebisyon. Umabot ang bilang ng mga kasapi nito sa 1.4 milyon sa loob lamang ng ilang araw at naging mabisang armas sa komunikasyon at mobilisasyon ng taumbayan.

Nagbigay din ng suporta ang mga sikat na mang-aawit at lumikha pa sila ng awit na may temang kontra-katiwalian at may mga lirikong tulad ng “kinain ng tuko ang buwaya (*gecko eats crocodile*)” at “KPK sa aking puso (*KPK in my heart*)”. Maaaring *i-download* ng mga tao ang awit at mga *ringtone* na kaugnay nito mula sa *internet* nang walang bayad.²⁹ Nag-organisa rin ng mga pagkilos ang mga tagasulong ng kampanya sa Jakarta. Nag-organisa rin ng kani-kanilang mga gawain sa iba’t ibang panig ng Indonesia ang mga lokal na organisasyon, mga organisasyong panlipunan, at mga mag-aaral ng pamantasan at hayskul kabilang ang kanilang mga guro. Nagtayo ng mga tent at nagsagawa pa ng *hunger strike* pa ang ilang mag-aaral ng pamantasan sa harap mismo ng

KPK. Sa Silangang Java at Gitnang Java naman, nagkaroon pa ng kakatwang palaro ang mga tinedyer kung saan hinahagisan ng mga pamato ang mga laruang buwaya. Bagaman maaaring taliwas ang gawaing nabanggit sa ilang pamantayang di-marahas, naging simboliko ito para sa mga karaniwang tao na hindi na nagpapadaig sa pananakot ng pulisyang tinuturing nilang tiwali at karapat-dapat na maparusahan. Sa isang haykul sa Jakarta naman, gumawa ang mga mag-aaral ng banderang sumusuporta sa KPK at nilagdaan naman ng 1000 mag-aaral, at samantalang sa isa pang mataas na paaaralan, gumawa ng salaysay ng suporta ang mga mag-aaral na inilimbag sa *blog* ng isa sa kanilang mga guro.³⁰

Kabilang sa mga taktika ng kampanya ang paggawa ng mga petisyon, paglimbag ng mga polyeto, pagsasabit ng mga bandila, mga *sit-in*, pagtitipon sa harap ng mga himpilan ng pulisya, konsiyerto, teatrong panlansangan, at gimik tulad ng pagpopostura bilang bubuwit. Libo-libo ang nagsuot ng mga *pins*, mga *sticker*, at lasong itim na sumisimbolo sa kamatayan ng katarungan, at mga *T-shirt* na may tatak ng CICA. “Kumalat na tila apoy (*spread like wildfire*)” rin ang mga panyong may nakasulat na “Ako ay tuko (*I am gecko*)”.³¹ Saad nga sa obserbasyon ng isang Australyanong iskolar: “Sina Bibit at Chandra, kasama ang mga tuko, ang mukha ng milyon-milyong larawan at kasuotan... (*Bibit and Chandra – who, with the gecko, are stars of millions of posters and T-shirts...*)”³² Nakipagtulungan din ang mga pinuno ng kampanya sa mga muralista at mang-aawit na nagresulta naman sa mga kapansin-pansing *graffiti* sa mga sulok ng lansangan sa Jakarta at ang nabanggit kaninang mga popular na awiting bumabatikos sa katiwalian.³³ Gumawa rin ang kampanya ng mga takaw-pansin na gimik na binansagan

nilang “*happening art* (nakapangyayaring sining)”, na kadalasa’y gumagamit ng katatawanan at nagkakamit ng atensiyon ng media, tulad ng pagtalon mula sa taas ng gusali ng KPK gamit ang mga *parachute* upang kumatawan sa pagkaharap ng KPK sa bantang-panganib at pangangailangan nito ng agarang saklolo.

Higit na dumami ang mga pagkilos sa lansangan sa iba’t ibang panig ng bansa sa bawat pagdaan ng araw. Estratehikong pinili din ang pinaglunsaran ng mga protesta, paliwanag ni Trisasongko. Sa ibang lungsod, ginanap ang mga pagkilos sa mismong mga himpilan ng pulisya. “Pagkakaisa ito laban sa in hustisya at sa tiwaling pulisya, at suporta sa kilusan at KPK (*This was solidarity against injustice and the corrupt police, and to support the movement and KPK*),” wika niya. Sa kabiserang Jakarta, ginanap ang mga protesta sa harap ng palasyo ng Pangulo upang ipanawagan kay Pangulong Yudhoyono na “may awtoridad siyang pigilin ang ginagawang kriminalisasyon sa KPK (*he had the authority to stop the criminalization of the KPK*),” dagdag ni Trisasongko. Noong ika-2 ng Nobyembre, nagtipon-tipon ang 3000 katao at nagmartsa sa palasyo ng Pangulo. Paniwala ng mga aktibista na pinukaw ng mobilisasyong ito ang pamahalaan.

Noong araw din na iyon, nakamit ng CICAk ang una nitong tagumpay. Nakinig ang Pangulo sa panawagan ng kampanyang bumuo ng independiyenteng komisyon na magsisiyasat sa sinampang kaso laban kina Bibit at Chandra. Binansagang “Team of Eight (*Grupo ng Walo*)”, ang komisyonang ito’y pinamunuan ng isang respetadong abogado at tagasulong ng reporma sa batas, at binigyan ito ng dalawang linggo upang magpahayag ng resulta ng imbestigasyon.³⁴ At doon na nga lumabas ang malaking

pasabog! Noong ika-3 ng Nobyembre, sa *live broadcast* ng pagdinig ng kaso ng suspensiyon kina Bibit at Chandra, pinakinig ng Hukumang Pangkonstitusyon ang apat na oras na *wiretap* kung saan nabunyag ang planong pakikipagsabwatan upang bitagin ang mga komisyonado at pabagsakin ang KPK.³⁵

Milyon-milyong katao ang nakarinig sa mga nakatataas na tagapaglitis mula sa Tanggapan ng Attorney General, isa pang higitang negosyante, at mga opisyal ng pulisya na nagpapalano ng di-kanais-nais na pakana laban sa KPK. Nabanggit nang makailang ulit sa mga *recording* si Chief Detective Susno.³⁶ Narinig din sa uusapan ang suhestiyong maaaring paslangin si Chandra habang nasa bilangguan, at isang hindi nakilalang babae ang narinig na nagsabing sinasang-ayunan ng Pangulo ang plano.³⁷ Agaran ang pagkagalit ng publiko. Kinahatinggabihan, pinalaya sina Chandra at Bibit ngunit hindi inurong ang mga kaso laban sa kanila. Nanumpa si Chandra matapos makalaya, “Gawin natin itong inspirasyon upang mapatibay pa ang kampanya laban sa katiwalian dahil kung hahayaan natin ang sitwasyo’y madadaig ang bansa at mananalo ang mga tiwali (*Let’s take it as strong momentum to improve the fight against corruption, because in this situation, the loser is the country and the winner is the corruptor*).”³⁸ Kinabukasan, humigit-kumulang 500 katao ang nagprotesta sa harap ng Hukumang Pangkonstitusyon at sa Kalye Thamrin, isang pangunahing kalsada. Nanawagan silang masibak sa puwesto si Susno. Kuwento ni Trisasongko, gumamit ang CICAk ng SMS, Twitter, at *Blackberry messenger* upang pakilusin ang sambayanan.

Noong ika-8 ng Nobyembre, nag-organisa ang kampanya ng pinakamalaki nitong pagkilos sa panahong iyon, gamit ang *social media* na Facebook at Twitter. Pinili ang petsa sa praktikal at simbolikong kadahilanan. Linggo ang araw na iyon at isa sa mga araw ng itinalaga ng lungsod na “Car Free Days”, na kampanyang hindi lang may kinalaman sa pagbuhos ng tao bagkus sa pagtataguyod din ng kalusugan ng mamamayan. Humigit-kumulang 3000 hanggang 5000 tao ang nagtipon sa umaga – kabilang ang mga inimitang kasapi ng Facebook group ng CICA – para sa isang protesta at konsiyertong may temang “Para sa malusog na Indonesia, labanan ang katiwalian (*For a healthy Indonesia, fight corruption*).” Simula sa malaking programa ng pag-eehersisyo para sa ikalulusog ng bayan, ang pagkilos ay pinasigla pa ng halong katatawanan, enterteynment, at pagdalo ng mga kilalang personalidad.³⁹ Nagpakitang-gilas ang SLANK. Nagsalita rin sa programa sina Usman Yasin, ang lumikha sa Facebook group ng CICA, Effendi Gozali, isang personalidad sa telebisyon at guro sa *University of Indonesia*, Yudi Latif, punong ehekutibo ng *Center for Islam and State Studies* at komentarista, at Erry Riyana Hardjapamekas, dating kahaliling komisyonado ng KPK.⁴⁰ Samantala, sa Lungsod ng Yogyakarta, nagdaos ng konsiyerto ang mga lokal na aktibista sa saliw ng tradisyonal na musikang *Javanese*.

Mga Katangian ng Kampanya

Pagkakaisa. Nakilahok sa kampanya ang mga mamamayan mula sa iba’t ibang gulang, antas sa buhay, at relihiyon. Inulat ng mga pinuno ng CICA na nakilahok ang mga *upper middle* at *middle class* sa mga pagkilos sa lansangan at maagang umalis ang mga

propesyonal sa kanilang trabaho upang manindigan kasama ang mga mag-aaral at maralitang nagpoprotesta. Ayon kay Yuntho at Deta Arta Sari, hindi pangkaraniwan sa mga maykaya ang makilahok, ngunit “napagtanto nila na nasa panganib ang KPK and kailangang sagipin ang KPK upang masagip ang Indonesia laban sa katiwalian (*they realized the KPK was in danger and we needed to save the KPK to save Indonesia from corruption*).” Maraming prominenteng personalidad mula sa iba’t ibang antas ng buhay ang nagpahayag na kanilang suporta, mula kay Bambang Harymurti, nangungunang peryodista at puno ng pambalitang magasing *Tempo*, hanggang kay Akhadi Wira Satriaj (kilala rin bilang Kaka), punong mang-aawit ng Slank.

Bumisita at nagpahayag din ng pakikiisa sa KPK ang mga nakatataas na klero ng mga pangunahing relihiyon sa Indonesia at mga pinagkakatiwalaang mga personalidad sa publiko. Hinimok ni Dating Pangulong Abdurrahman Wahid (Gus Dur) ang KPK at ang mamamayan na kuwestiyunin ang mga pag-aresto.⁴¹ Saad niya, “Narito ako upang magbigay ng dagdag na suporta sa panawagang makalaya sila sa pagkakapiit. Handa akong itaya ang aking pangalan sa kasong ito (*I came to add more support for their release from detention. I am prepared to put my name on the line in this case*).”⁴²

Nagpahayag din sa publiko ng suporta si Jimly Ashiddiqie, dating punong hukom sa Hukumang Pangkonstitusyon at pinayuhan niya ang KPK na ibigay ang mga *wiretap* sa Hukumang Pangkonstitusyon sa halip na sa pulisya.⁴³ Sa Malang sa probinsiya ng Silangang Java, nahimok ng mga akademiko at pangkat ng mga guro ng karapatang pantao at batas pang-estado si Pangulong Yudhoyono na tigilan na ang “kriminalisasyon” sa mga opisyal ng KPK.⁴⁴

Pamumuno at balangkas ng organisasyon. Nabuo ang CICAk dahil sa kooperasyon at koordinasyon ng maliit na grupo ng mga aktibista, abogado, at mag-aaral ng batas.

“Nagsama-sama sila upang makalikha ng malaking estratehiya (*They came together to make a grand strategy*),” gunita ni Deta Arta Sari. Nakabase sa kabisera ng bansa ang mga punong-abalang namamahala sa kampanya. Arawan silang nagtitipon upang planuhin, iorganisa, ipabatid, at isakatuparan ang mga gawain habang pinananatili ang kanilang propesyonal at personal na mga gampanin. Pinaghatian nila ang kanilang mga trabaho ayon sa kanilang kasanayan at kapasidad. Sa pangkalahatan, nahahati sa dalawang magkaugnay na kategorya ang kanilang mga gawain: 1) ligal na pagsusuri at aktibidad; at 2) sibikong pagkilos, pagbuo ng mensahe ng kampanya at komunikasyon, pakikipag-ugnayan sa media, at negosasyon sa mga opisyal ng pamahalaan tulad ng pulisya, Tanggapan ng Attorney General, at mga tauhan ng Pangulo sa likod ng mga kaganapan sa lansangan.

Nagpapasya sila sa pamamagitan ng pakikipagkasunduan. Punong tagapangasiwa ang mga organisasyong *Indonesia Corruption Watch (ICW)* at *Indonesian Center for Law and Policy Studies (PSHK)*, ngunit hindi nila dinidiktahan ang kampanya at kumikilos lamang sila sa likod nito. “Nais naming maging independiyente sa ICW at iba pa upang mas malawak pa ang makuhang suporta ng kampanya (*We wanted to be separate from ICW and others, in order to get broader involvement and support*),” sabi ni Deta Arta Sari. Walang iisang pinuno ang kampanya – isang estratehiya upang angkinin at yakapin ito ng sambayanan bilang kanila. Ang mga pinuno dito ay ang “cicak”, ang mga tukong

sumisimbolo sa karaniwang mamamayan, na sama-samang makagagapi sa makapangyarihang buwaya (pulisyas) sa mapayapang paraan.

Nagtipon din ang liderato ng CICA ng upang pagpasyahan kung paanong mabilis na mapalalawak ang kampanya sa pambansang nivel, isang layuning hindi madali dahil na rin sa arkipelahikong heograpiya ng bansa at sa pagkakaiba-iba ng mga kultura at etniko. Nagpapasuhan nila ang pagkakaroon ng estratehiya ng desentralisasyon. Sa pamamagitan ng pagsama-sama sa kanilang kontak at *network* na hinubog pa noong panahon ng kilusang *Reformasi*, nakipag-ugnayan sila sa mga lokal na tagapagpaganap upang simulan, palawigin, at pasiglain ang mga mobilisasyon at di-marahas na pagkilos sa buong bansa. Ayon kay Trisasongko, ang mga aktibista sa rehiyonal at lokal na nivel ay “gumawa ng kani-kanilang pagkilos at namigay lamang kami sa kanila ng mga pampahayagang materyales mulang Jakarta (*do their own thing and we just distributed Jakarta’s press releases to them*).” Magkasamang nakipag-ugnayan at nakipagtulungan ang mga punong-abalang nakabase sa Jakarta sa mga grupo ng mga mag-aaral sa mga pamantasan sa buong Indonesia.

Sandigan ng kampanya ang boluntaryong pakikilahok. Ang mga aktibista, ekspertong ligal, at mga mamamayan ay nagbigay ng kanilang oras at pati salapi upang pondohan ang kampanya. Ang mga pagkilos sa lansangan ay dulot ng buhos ng suporta at tulong. Isang halimbawa nito ay ang martsa patungo sa palasyo ng Pangulo noong ika-3 ng Nobyembre kung saan nag-ambag ang mga nagprotesta ng kanilang pera upang bilhan ng inuming tubig ang mga nahapo, gawa ng naganap ang protesta sa napakainit na araw.

Estratehikong pagsusuri at pangangalap ng impormasyon. Nagkaroon ng estatehikong pagsusuri ang sentrong pangasiwaan ng kampanya sa Jakarta ukol sa mga bahagi ng Gabinete ng Pangulo at ang “judicial mafia”. Inilista nila ang mga kasapi ng Pambansang Pulisya at mga nakatataas na opisyal ng Tanggapan ng Attorney General ayon sa kung sino ang tiwali at sino ang hindi. Ibinahagi nila ito sa iilang mapagkakatiwalaan sa loob ng sistema. Sa usad ng kampanya, nakipagtulungan ang buong organisasyong sa mga dalubhasa mula sa mga pamantasan upang suriin ang mga isyung ligal na kinasasangkutan ng KPK, upang makapagbigay sila ng naaayong ligal na paliwanag na maaaring maging gabay ng mga opisyal at abogado ng KPK, pati na rin ang ibang mga kaugnay na institusyon ng pamahalaan. Diniin ng gawaing ito ang madalas na nakaliligtaan ngunit napakahalagang dimensiyon ng kilusang panlipunan: ang pangangailangan ng patuloy na edukasyon at pangangalap ng impormasyon, at ang pagpapatibay sa mga nasa loob ng sistema na sumusuporta sa wastong pananagutan, katotohanan, at katarungan.

Komunikasyon. May tatlong pangunahing bahagi ang estatehiyang pangkomunikasyon ng CICA: mga layon, porma ng mensahe, at midyum. Layunin ng kampanya ang paigtingin ang pagkabahala ng publiko, maiparating ang diwa ng pagkabahalang ito, pakilusin ang mga mamamayan, at makapagkamit ng atensiyon ng media. Dinisenyo rin ang komunikasyon upang makabuo ito ng kaisahan ng mga karaingan, ng mga tao, at ng mga layon. Kabilang sa mga pangunahing mensahe ng kampanya: “Tuko ako, labanan ang katiwalian (*I’m a gecko, fight corruption*)”; “Huwag manahimik (*Don’t stay silent*)”;

at “Iwaksi ang mga buwaya (*Say no to crocodiles*)”. Malinaw na naipakita ng inisyal na CICA (tuko) at ang buong kahulugan nito (*Love Indonesia, Love Anti-Corruption Commission*) ang lahat ng dimensiyon ng pakikibaka: ang suliraning (katiwalian); ang positibong tuon (KPK); ang layunin (sagipin ang KPK), ang mga nakikibaka (mga *cicak*, na kumakatawan sa karaniwang mamamayan); at motibasyon (pagmamahal sa bayan).

Sinabi ni Trisasongko na ang diin ng kampanya ay ang institusyon kaysa kina Bibit at Chandra, ngunit nangibabaw lamang ang pagkabahala sa kanilang seguridad matapos ang pag-aresto sa kanila. “Inilayo namin ang usapin sa personalan (*We tried to keep the personal side out of the messages*),” saad niya. “Hindi lantaran naming ipinagtanggol ang dalawang komisyonado dahil ginagamit sila ng pulisya upang sirain ang KPK (*Implicitly we protected the two Deputy Commissioners because the police wanted to crack down on the KPK through them*).” Gumamit ang mga aktibista ng kampanya sa iba’t ibang pamamaraan upang maiparating ang kanilang mga mensahe. Nagpakalat sila ng mga balita at impormasyon tungkol sa mga pinaplanong di-marahas na pagkilos sa pamamagitan ng media, Facebook, SMS, at internet. Naiparating rin ang kanilang mensahe gamit ang graffiti, mga paskil, mga polyeto, mga awitin, *ringtones*, at pati na ang libo-libong tao na tila ba buhay na *billboard* dahil sa suot nilang mga espesyal na CICA *T-shirt*, mga *pin*, at mga bandana.

Nagdaos din sila ng mga sama-samang gawain para matawag ang pansin ng media. Nagpadala ng paanyaya sa mga peryodista ang mga tagapangasiwa para sa mga kumperensiya, pagkilos sa lansangan at “happening art” sa pamamagitan ng SMS.

Ibinahagi nila na mainit ang naging suporta ng media. Hindi batid ni Sari at Yuntho kung bakit nagkaganoon. “Takaw-pansin ang KPK, kahit sino sigurong manira sa KPK ay lalabas sa balita (*The KPK is a newsmaker, whoever hits the KPK is a good news story*),” hinuha nila. Nagresulta sa istoryang liko-liko at siksik sa drama at kapanabikan ang laban sa pagitan ng mga kurakot at ng Komisyon at ang paglawig ng pagkilos ng publiko. Dahil sa pagkalapit sa mga peryodista sa loob at labas ng bansa, naiplanong mabuti ang mga kaganapang idinaos sa Jakarta, mula sa paghahatid nang maaga ng mga PR (press release) hanggang sa paghahanda sa mga tagapagsalita, ng mga paskil na nasusulat sa Bahasa at Ingles, pamimigay ng mga polyeto, mga *T-shirt*, mga *pin*, mga *sticker*, at mga *press conference*.

Dimensiyong internasyonal. Hinanap ng mga pinuno ng kampanya ang atensiyon at suportang internasyonal. Una, bilang signatoryo ang Indonesia sa *United Nations Convention against Corruption* (UNCAC), na kumikilala sa espasyong sibiko sa pananagutan ng estado, nilapitan ng mga aktibista ang mga mahalagang institusyon sa Jakarta, kabilang ang misyon ng *United Nations Office of Drugs and Crime* (UNODC). Bagaman hindi ganoon kalakas ang suporta ng maraming misyong kumakatawan sa mga institusyong internasyonal sa mga pagkukusa at gawain ng mga lokal na komunidad laban sa katiwalian, naiiba ang tanggapan ng UNODC sa Jakarta. Hindi nito tinalikuran ang mga mungkahi at inisyatiba mulang lokal na nibel.

Sa halip, noong ika-16 ng Setyembre, nakipag-usap ang mga pinuno ng CICA kay Ajit Joy, ang tagapamahala ng tanggapan sa bansa, na pinayuhang ipaalam sa punong-

tanggapan ang mga suliranin sa pagsasakatuparan ng UNCAC, partikular na ang “pagpapanatili at pagtitiyak ng kasarinlan ng awtoridad ng institusyong kontra-katiwalian (*maintaining and ensuring the independence of the anti-corruption authority*),” sambit ni Trisasongko. Matapos ang pagpupulong, nagsagawa ang mga aktibista ng *press conference* sa harapan ng tanggapan ng UNODC. Noong ika-10 ng Nobyembre, nagsagawa sila ng isa pang *press conference* upang ianunsiyo ang gagawin nilang pagsusumbong ng ginagawang pag-atake sa KPK sa *UNCAC’s Third Conference of States Parties* na kakasimula lamang noon sa Doha. Sinulit ng CICAk ang pagkakataong iyon upang pukawin ang atensiyon ng media. Habang umikot ang paksa ng krisis ng KPK sa negosasyon sa UNCAC, nagpadala ang kampanya ng arawang *press release* tungkol sa mga ginagawang inisyatiba ng lokal na sangay nito sa mga peryodistang Indonesio na kumakalap ng balita ng kumperensiya sa Doha. “Tiyak na lalabas tayo sa ulo ng mga balita (*We would get into the headlines*),” gunita niya.

Panggigipit. Walang lantad na paggigipit sa kampanyang CICAk at sa mga organisador at demonstrador nito maliban na lamang sa mga institusyonal at ligal na tangka upang sirain ang KPK at ang pag-aaresto sa mga nakatataas na opisyal nito. Ayon kay Trisasongko, “Kung nagkataon ay mas lumala pa ang sitwasyon (*It would have made things worse*).” Gayunpaman, nakaranas pa rin ng paggigipit ang mga aktibista sa pagsusulong ng CICAk. Noong Enero 2009, isinuplong ng Tanggapan ng Attorney General sina Yuntho at Deta Arta Sari sa akusasyong paninirang-puri matapos matuklasan ng dalawa ang ilang trilyong salaping anomalya sa badyet ng opisina at manawagan ng kaukulang pagsisiyasat.⁴⁵ Hindi na ito nasundan ng kaganapan hanggang

noong Oktubre, sa gitna ng pagkakalugmok ng CICAk, nang makatanggap sila ng kautusan mula sa pulisya. Iniwasan na lamang nila ito at dinahilan ang teknikal na pagkakamali sa pagkakasulat sa pangalan ng Indonesia Corruption Watch sa liham na naglalaman ng utos.⁴⁶ Hindi naglao'y inurong ng pulisya ang kaso.

Ang mga kinalabasan

Nagtagumpay ang kampanyang CICAk sa pagtatanggol sa KPK mula sa planong sirain o di kaya'y buwagin ito, ang institusyon at ang kapangyarihan nito laban sa katiwalian.

Bilang paglalagom, naganap ang mga sumusunod:

Noong panahon ng krisis:

1. Noong ika-2 ng Nobyembre, binuo ni Pangulong Yudyoyono ang “Independent Fact-Finding Team on the Legal Proceedings of the Case of Chandra M. Hamzah and Bibit Samad Rianto,” o mas kilala sa bansag na “Team of Eight.” Umabot sa dalawang linggo bago tuluyang natapos ang pagsisiyasat.
2. Pinalaya ang dalawang kahaliling komisyonado mula sa pagkakakulong sa alegasyon ng katiwalian noong ika-3 ng Nobyembre.

Noong sumunod na mga araw:

3. Noong ika-17 ng Nobyembre, inanunsyo sa publiko ng *Team of Eight* na walang katibayan na sangkot ang dalawang opisyal sa anumang uri ng katiwalian. Inirekomenda nila ang pag-urong sa kaso at nanawagan sa Pangulo na patawan ng

parusa ang “mga opisyal na may pasimuno sa sapolitang ligal na prosesong ito (*officials responsible for the forced legal process*).”⁴⁷

4. Bumitiw sa puwesto si Chief Detective Susno mula sa Pambansang Kapulisan, kasama si Abdul Hakim Ritonga, ang Kahaliling *Attorney General*, na naakusahan mula sa pag-*wiretap*.⁴⁸ Makaraan lamang ang ilang buwan, tumestigo si Susno at sinabing mayroong binuong grupo ang pulisya upang punteryahin ang mga komisyonado ng KPK na sina Antasari, Bibit at Chandra.⁴⁹ Simula noon ay nagpatuloy siya sa pagbubulgar ng katiwalian sa pulisya, Tanggapan ng Attorney General at sa mga negosyanteng nasasangkot sa pagtatago ng ilegal na yaman at pag-iwas sa pagbabayad ng buwis.⁵⁰
5. Noong ika-23 ng Nobyembre, inutos ni Pangulong Yudhoyono sa kapulisan at mga tagapaglitis na aregluhin na ang kaso laban sa mga komisyonado ng KPK sa labas ng hukuman, at inihayag sa publiko ang mga kinakailangang reporma sa loob ng Pambansang Kapulisan, Tanggapan ng Attorney General, at sa KPK.⁵¹ Bagaman malinaw ang kaniyang pahayag laban sa katiwalian, nagkibit-balikat siya sa pagsabi ng kaniyang pinapanigan.⁵² Una, hindi niya hiniling na iurong ang kaso sa dalawang komisyonado. Ikalawa, nakapagtataka kung bakit itinuturing niya ang Komisyon bilang institusyong nangangailangan ng reporma kasabay ng mga institusyong nagsabwatan para sirain ito. Naunawaan ito ng mga tagapagtaguyod ng kampanya bilang senyales na dapat panatiliin pa ang panlipunang puwersa sa Pangulo pati sa “judicial mafia” o sindikato ng tiwaling pulisya, mga tagapaglitis, at mga hukom.

6. Tuluyan nang inurong ng Tanggapan ng Attorney General ang kaso laban sa mga komisionado ng KPK noong ika-1 ng Disyembre. Naitalaga muli sa kanilang posisyon sina Bibit at Chandra noong ika-7 ng Disyembre bilang sa pagsunod sa kautusan ng Pangulo.⁵³
7. Noong ika-30 ng Disyembre, 2009, binuo ni Pangulong Yudhoyono ang *task force* “*Judicial Mafia*” na may terminong dalawang taon.⁵⁴ Ang mga responsibilidad nito ay “magpayo, magmanman at magsuri ng reporma at mga sukatin sa pangangasiwa ng lahat ng mga institusyong nagsusulong ng batas (*advising, monitoring and evaluating reform and supervision measures by all law enforcement institutions*).”⁵⁵

Nanatiling nakabantay ang mga pinunong sibiko laban sa mga panibagong atake sa KPK. Sa isang kumperensiya (*15th International Anti-Corruption Conference*) noong Nobyembre 2012, inilarawan ni Trisasongko ang mga bagong kampanyang pigilin ang tangka sa parlyamentaryo na maantala ang pag-apruba sa badyet ng KPK, kabilang ang pagpapatayo sa bago nitong gusali. Nakalikom umano ang inisyatiba na binansagang “Public Donation for KPK Building (*Pampublikong Donasyon para sa Gusali ng KPK*)” ng salapi at mga kagamitan mula sa taumbayan mula Hunyo hanggang Oktubre ng taong iyon. Bilang tugon sa kanilang kolektibong puwersa, naipasa ng parlyamentaryo ang badyet ng KPK. Noon ding Oktubre, nakapagsagawa rin ang kampanyang “*Save KPK* (Sagipin ang KPK)” ng mapayapang interbensiyon. Nag-organisa ang Taumbayan ng magdamagang *vigil* upang pigilin ang pag-aresto sa isang imbestigador na sumisiyasat sa isang kontrobersiya ng katiwalian ng kapulisang pantrapiko.⁵⁶ Sa tulong ng elektronikong

pakikibaka (*digital resistance*) gamit ang Twitter, kasabay ng mga protesta sa lansangan, nasubok ang katahimikan ni Pangulong Susilo Bambang Yudhoyono. Makalipas ang sandaling panahon, inanunsiyo niya ang paghimok sa KPK na magsagawa ng mga nararapat na pagsisiyasat.

Mismong mga aktibistang kontra-katiwalian din ang nagtulak ng puwersa sa KPK upang mapanatili itong malinis at may pananagutan. Bilang halimbawa, noong Pebrero 2010, nagbigay ang CICAk ng isang ulat sa KPK ukol sa isang paglabag sa etika ng isa nitong opisyal. Dahil sa kawalan ng aksyon ng KPK, nagkampanya ang ilan ng tahimik na protesta (“*happening art*”) sa harap ng gusali ng KPK. Sinabi ni Chandra Hamsah, kahaliling komisyonado ng KPK na pinupunterya ng mga tiwali, na sisiyasatin ng Komisyon ang mga tauhan nito ukol sa insidente.⁵⁷ Wala pa ring agarang nangyari, ngunit makalipas ang ilang buwan ay pinalitan ang ilang mga opisyal nito. Nanindigan ang mga aktibista na nangyari iyon bilang resulta ng kanilang mapayapang aksyon.

Sa pangkalahatan, pinukaw ng kampanyang CICAk ang pahalang na sistema ng katiwalian sa loob ng mga institusyon ng estado at ng pribadong sektor. Ayon sa obserbasyon ni Trisasongko, “pinuwera nito ang pamahalaan na siyasatin ang mga kalakaran sa pagsasampa ng kaso at paglilitis pati na rin ang mga tagalitis (*forced the government to scrutinize indictment procedures and prosecutors*).” Nahimok ng lakas ng bayan ang pinuno ng Indonesia na gumawa ng mga partikular na hakbang upang pigilin ang katiwalian at kawalan ng kaparusahan. Nahimok din nito ang pagkakaroon ng kalinawan at napagtagumpayan ang antas ng pananagutan at tiwala mula sa pamahalaan

at mga tagapagpasiyang ekonomiko. Matapos ang CICAk, siniyasat ng Parlyamentaryo ang kaso ng Bank Century. Naisapubliko rin ang mga natuklasan at mga rekomendasyong ipinasa sa Pangulo. Ikahuli, nabuo nito ang sistematikong pagbabago sa mga institusyong nagtataguyod ng batas sa layong pambansa, at lumikha ng matibay na puwersang politikal upang mahigpit na itulak ang mga panloob na reporma ng “judicial mafia”.

Sa isang bansa na nakaranas sa mga nakaraang dekada ng labis na karahasan mula sa *genocide*, politikal na panunupil, armadong insureksiyon at labanang etniko – naibuhos sa mabungang gawain ang matinding galit sa pamamagitan ng panlipunang pagkilos. Sa pamamagitan ng CICAk, nalampasan ng taumbayan ang pagkasiniko at bagabag upang maipahayag nila ang kanilang boses laban sa katiwalian at kawalan ng kaparusahan. Naging kasabihan na ang “Ako ay tuko at hindi ako takot na lumaban sa buwaya (*I am a gecko and am not afraid to fight a crocodile*).”⁵⁸ Sa pakikilahok sa kampanya, hindi na pinayagan ng taumbayan na maging mga tagamasid at biktima lamang ng pagpapalakad ng mga makakapangyarihang pamilya, opisyal, mambabatas, at burukrata. Muli nilang nadiskubre ang kanilang kolektibong lakas sa pinakamalaking mobilisasyon magmula sa pagsilang ng kilusang kontra-Suharto. Naging aktibo sa pagtaguyod ng demokrasya ang mga mamamayan sa pagdanas ng prosesong ito. Para kay Masduki, “Ang haligi ng demokrasya ay ang lakas ng bayan kaya kung wala ito, hindi magtatagumpay ang demokrasya para sa bayan (*The pillar of democracy is people power so without it, democracy could not work for the people*).”⁵⁹

Pagsusuri ng Sitwasyon

Pagmamay-ari at pagkakakilanlan ng lipunan. Naibaling ng CICA ang galit ng publiko sa pulisya patungo sa pagpapatibay ng pagkakaisa ng lokal na puwersa laban sa inhustisya. “Nais naming maglinang ng diwa ng pagmamay-ari (*We wanted to cultivate a sense of ownership*),” ani Trisasongko. Sa tulong ng kanilang pagkakaunawa ng kanilang kolektibong papel sa pagtatanggol sa KPK, naranasan ng karaniwang mamamayan ang iisang pagkakakilanlan – mga pinalakas ng “cicaks” – na naging matibay na motibasyon sa sibikong pagkilos. “Dininig namin ang daing ng sambayanan na palagiang nagiging biktima ng katiwalian at karahasan at itinulak namin ang galit na ito patungo sa pagtatanggol ng KPK, na alam at sinusupportahan ng masa (*We tapped the sentiment of being victims of corruption and violence and directed it towards protecting the KPK, which many knew about and supported*),” pagbabahagi niya.

Katatawanan. Bilang bahagi ng estratehiya, hinaluan ng katatawanan o komedya ng CICA ang kanilang kampanya sa ilang kadahilanan. Ayon kay Trisasongko, “Isang unibersal na wika ang katatawanan para sa mga tao sa bayang ito... Makikita ito sa anumang uring panlipunan (*Humor is a universal language here for people...It also cuts across social and economic classes*).” Kaya naman naging mabisa itong paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga mamamayan. Napipigilan rin nito ang ilang uri ng panunupil ng maykapangyarihan sa Indonesia tulad na pag-aakusa ng paninirang-puri gawa ng institusyon ng estado at kasong inihahabla ng mga indibidwal. Sa pamamagitan ng komedya, naipaparating ang mensahe ng kampanya nang hindi napapahamak ang mga

nagpapakalat nito. Naibubukod nito ang moral na pagkagalit sa simpleng ngitngit lamang. Napananatili ang una at naibabaling ang huli mula sa negatibo patungo sa positibo at dulot nito ay ang pagsagip sa institusyon sa mapayapang paraan. “Hindi namin kailangang magpakita lamang ng galit upang magprotesta (*We don’t just have to show anger to protest something*),” dagdag niya.

Kasarinlan. Sadyang pinili ng mga tagapangasiwa ng CICAk na panatiliin ang di-politikal at di-ideolohikal na katangian nito at hindi sila kailanman lumapit sa mga partidong politikal para sa suporta. Ayon sa isang ulat ng Harvard: “*Distrust of politicians is so deep and widespread that one gets the sense that any politician who had attempted to identify him or herself as a gecko would have been laughed off the political stage* (Napakalalim at napakalaganap ng kawalan ng tiwala sa mga politiko kaya sinumang politiko na pinapakilala ang sarili bilang kaisa ng bayan sa pagiging tuko ay pinagtatawanan sa entablado).”⁶⁰ Sa anumang pagkakataon, walang panganib para sa mga politikong ito ang makisakay sa kampanya kontra-katiwalian. “Nananahimik ang lahat ng partido dahil lahat sila’y may kasong nakahain sa KPK (All of the political parties were silent because they all have cases in the KPK),” komento ni Yuntho.

Sablay na pangyayari. Isang mabigat na halimbawa ang kampanyang CICAk kung paano maaaring sumablay ang inhustisya. Ayon kay Brian Martin, iskolar para sa mapayapang pagkilos, tipikal na gumagamit ang mga makakapangyarihang pasimuno ng inhustisya – tulad ng katiwalian - ng isa or higit pa sa limang pamamaraan upang pahupain ang galit ng sambayanan.⁶¹

Una, pinagtatakpan nila ang kanilang mga ginawa, tulad ng halos lahat ng tiwali, kabilang na ang pulisya, na palihim na isinasagawa ang kanilang mga pakana. Ikalawa, sinisiraan ng mga pasimuno ang kanilang mga kritiko. Naglabas ang pulisya ng samu't saring kasiraan sa KPK sa pamamagitan ng pag-aresto at pagsampa ng kaso laban sa mga pinuno ng Komisyon. Ikatlo, nililintang ng mga pasimuno ang publiko sa mga kaganapan sa pamamagitan ng pagsisinungaling, pagdahan-dahan sa mga atake, paninisi sa iba, at pagbago-bago ng salaysay. Umiikot ang pabago-bagong salaysay ng estado sa di-umano'y pagiging sutil ng KPK, pagkakaroon nito ng di-tapat na mga opisyal, at ang pangako ng agarang hustisya sa pamamagitan ng administratibo at ligal na proseso. Ikaapat, gumagamit ang mga makakapangyarihang pasimuno ng inhustisya ng opisyal na plataporma at institusyon upang magsilbing tagapagtaguyod kunwa ng katarungan na sa totoo'y wala namang kabuluhan. Ang pang-araw-araw na gawi ng hudikatura ang hayagang nagpapakita nito. Natatangi ang KPK bilang tapat at mabisang institusyon kaya nakikita ito bilang malaking banta sa mga nakaupo sa kapangyarihan. Ikalima, armas din ng mga pasimuno, kasangkot ang pulisya, ang laganap na pananakot sa mga kritiko, kanilang mga tagasuporta at mga kakamping testigo.

Ginagamit ng pulisya ang limang pamamaraan upang humupa ang galit ng sambayanan laban sa katiwalian ngunit hindi sila nagtagumpay sa pagkakataong ito. Matalinong nilabanan ng mga tagapangasiwa ng kampanya ang mga taktika ng pulisya. Gamit ang *wiretaps* ng KPK, nailantad nila ang mga pakana ng pulisya at napigil nila ang ginagawa nitong pagtatakip. Napatunayan nila na walang katotohanan ang mga paratang sa mga sinisiraang kasapi ng KPK. Nabigyan din nila ng diin ang tunay na kuwento sa likod ng mga pag-atake sa KPK. Nakakuha sila ng suporta mula sa publiko upang hindi na

kailangang dumaan pa sa galamay ng mga kurakot na Institusyon; at nanindigan sila nang mapayapa sa harap ng mga pananakot. Sumablay sa pulisya ang kapinsalaan ng kanilang ginawang pag-atake sa KPK.

Ang resulta, sablay ang planong patumbahin ang Komisyon, na humantong pa sa pagkakaaresto ng mga nakatataas na opisyal, dahil sa di-marahas na kampanya ng pagpigil. Hindi lamang napigil ang mga pag-atake kundi nagkaroon din ng negatibong epekto ito sa mga mismong pasimuno.

Elektronikong pakikibaka (*Digital resistance*). Nagkaroon ng iba't ibang mahahalagang papel ang paggamit ng CICA ng *Facebook group* sa kanilang kampanya. Ginamit ito upang magtamo ng simpatya mula sa publiko at mabilis na makapagbigay ng impormasyon, balita, at panawagan sa palibot ng bansa na siyang nagdulot naman ng pagbuo ng pambansang inisyatibang kabilang ang sinuman, mapasaang bahagi man ng bansa o antas sa lipunan. Ikalawa, instrumental din ang *Facebook* sa pag-organisa at pagsagawa ng mobilisasyon sa lansangan sa lahat ng panig ng bansa. Ikatlo, nagkaroon din ng panibagong diwa ng pagkakaisa at sigla nang bumuhos ang suporta at lumobo ang bilang ng kasapi ng *Facebook group* sa 1.2 milyon sa loob lamang ng 10 araw (mulang ika-30 ng Oktubre, ang araw ng pag-aresto kina Bibit at Chandra hanggang ika-8 ng Nobyembre, ang araw na malaking demonstrasyon at konsiyerto).

Nagkaroon ang mga kasapi ng CICA ng madaliang paraan ng komunikasyon, na siyang nagpatibay ng kanilang pinag-isang galit at pagkakakilanlan, sa klik lamang ng daliri.

“Kung pinapatay ang KPK, ayos ito para sa mga tiwaling pumapalpak pa habang nakikita

nila kung ano ang hinahantungan (*If KPK is being put to death, that's really nice for the corruptors who are clapping as they see what has happened*),” saad ng isang paskil.⁶²

Ikahuli, ang mga taktikang *online*, katulad ng pagpapalit ng *profile photo*, ay naihatid sa ganap na pagkilos sa lansangan gaya ng sa pagdalo ng mga inimbita mula sa Facebook sa demonstrasyon noong ika-8 ng Nobyembre.

Mga Di-tradisyonang kaanib. Nakatulong din ang mga alagad ng sining, tulad ng mga muralista at mang-aawit. Paliwanag ni Widoyoko, nakatulong sa pagkakaisa ng mga tao sa estratehikong paraan ang presensiya ng mga popular na personalidad at idolo sa sining na nagbigay ng kredibilidad sa kampanya at ginawang kapanapanabik ito para sa karaniwang mamamayan. Bilang taktika, nakatulong ang pakikilahok ng mga alagad ng sining upang maabot ng kampanya ang masa, dahil nakakakuha sila ng atensyon mula sa *entertainment media*, tulad ng mga programa sa telebisyon, mga magasing pang-*showbiz*, at mga *fan website*.

Mga Natutunang Aral

Pamana ng panlipunang pagtangga

1. Nagbigay ng pahiwatig ang kampanyang CICA kung bakit sinasaad ng mga saliksik na higit ang tsansa na magbunga ng demokratikong pamamahala at kalayaang sibil ang mga mapayapa at sibikong pagtalikod sa awtoritaryanismo kaysa sa marahas na paraan at pagbabagong dulot lamang ng mga nakaaangat sa lipunan at nasa kapangyarihan. Natutunang magbubuklod-buklod ang mga pinuno at aktibista ng mga

di-marahas na kilusang panlipunan at kadalasa'y nagiging mabunyi silang tagapagsulong ng demokrasya sa kani-kanilang bansa bagaman nasa likod ng kamera. Mga beterano rin ng kilusang *Reformasi* ang karamihan sa sentrong pangasiwaan ng kampanya sa Jakarta. Nagsumikap ang mga tagapagpaganap na ito na isulong ang diwa ng *Reformasi* simula pa noong 1998 – bilang mga indibidwal at sa pamamagitan ng mga organisasyong panlipunan – dahil naranasanang ilan sa kanila ang pagkakabilanggo at abuso sa ilalim ng rehimeng Suharto. Sa loob ng maraming taon, napanatili nila ang kanilang sistema ng komunikasyon at koordinasyon. Bagaman may kani-kanilang mandato ang bawat organisasyon, nagampanan pa rin nila ang kanilang kolektibong papel sa mabisang paraan.⁶³ Nagsilbing estratehikong balangkas para sa pagpapalalim ng demokrasya sa Indonesia ang kanilang pinag-isang layon: buwagin ang nakalalasang sistemang awtoritaryan, baguhin ang tiwaling militar at panatilihin itong malayo sa bahid ng politika, isailalim sa reporma ang Konstitusyon at ang sistema ng hudikatura, panagutin ang mga maykapangyarihan, isakatuparan ang mga karapatang pantao, sugpuin ang talamak na kahirapan sa bansang pinagkalooban ng likas na yaman, at pigilin ang panatikong sagupaan.

Pahalang na sistema ng katiwalian.

2. Inilalarawan ng plano upang siraan ang pagiging lehitimo ng KPK at pahinain ito, sa wastong kahulugan, ang mga sabuwatan ng sistema ng katiwalian na sumasaklaw sa iba't ibang espasyo kabilang na, sa kasong ito, ang iba't ibang institusyong pang-estado, ang ehekutibong sangay, ang pribadong sektor, mga pamilya, at mga tagapagpaganap sa propesyonal na serbisyo gaya ng mga abogado.

3. May magkakatulad na interes ang mga kahina-hinalang pakikipag-ugnayan sa loob ng “judicial mafia” sa Indonesia, na nagpapakita na hindi lamang nananatili ang tiwaling gawain sa pagitan ng tiwali at ng biktima, kundi sa pagitan rin ng mga tiwali na silang nakikinabang sa pag-abuso sa kapangyarihan at awtoridad.
4. Upang mabago ang tiwaling sistema, tulad na lamang ng “judicial mafia” ng Indonesia, diniin ni Trisasongko na kailangan ang “dalawahang landas”: panawagang nagmumula sa labas ng institusyon katuwang ang mga reporma at pagsasakatuparan ng mga responsibilidad sa loob ng institusyon.
5. Nagbubunga ng katiwalian ang katiwalian. Bukod sa mahirap itong magreporma sa loob ng sistemang ito, madaling ring kumalat ang sistema ng pangungurakot at abuso dahil nangangailangan ito ng patuloy na pangunguwalta upang mapanatili ang mga pansariling interest at ang hungkag na umiiral na katayuan.

Pagkakaisa.

6. Nauunawaan ang pagkakaisa bilang mahalagang salik ng panlipunang pagtanggì ayon sa pagsusuri ng mga iskolar ng naturang disiplina. Ngunit hindi gaanong nakikita kung gaano ito kakritikal (lampas pa sa mobilisasyon ng masa) ang anumang mga dinamika nito sa mga di-marahas na kampanya at kilusan. Naghahatid ang kampanyang CICAk ng mga aral buhat sa karanasan nito na maaaring maging gabay.
 - Ayon sa pagbabahagi ni Trisasongko, bukod sa pagkakaisa ng sambayanan, ng kanilang mga daing at layon, nararapat na may pinag-isang diwa ng pagkagalit sa iisang kaaway. Sa kaso ng CICAk, napakalawak ng pagkasuya

sa kapulisan. Kailangan ang galit na ito para sa mobilisasyon, at higit na mahalaga, para sa pangmatagalang bisa at puwersa upang mapagtagumpayan ang tunay na reporma sa mga tiwaling institusyon at sistema.

- Sa pagkakaisa, nangangailangan ng pagtatatag ng iba't ibang koalisyon na binubuo ng mga grupo at kilalang indibidwal sa konteksto ng pakikibaka, na humihila ng mas masiglang partisipasyon, kredibilidad, at pagkalehitimo. Bukal din ang mga alyansang ito ng pagkamalikhain, mga ideya, talento, pati na rin mas maraming mapagkukunang yaman, mga pakikipag-ugnayan at *network*, na magagamit ng kampanya o kilusan.
- Pinalalawig rin ng pagkakaisa ang pagkakaiba-iba ng pagpapahayag sa pagsalungat, mula sa mga taktika hanggang sa porma ng mensahe at pati na ang mga plataporma kung saan ipinapahayag ang mga mensaheng ito. Bilang halimbawa, nagbunga ng malikhaing pagkilos ang pagsali ng mga sikat na mang-aawit at alagad ng sining sa lansangan, katulad ng paglikha ng mga awitin at mga *ringtone*, at naabot ang di-maabot sa pamamagitan ng atensiyon ng media.
- Mayabong ang *network* at pakikipag-ugnayan ng mga organisasyong panlipunan sa mga organisasyong nakabase sa komunidad (*community-based organizations* o mga CBO) at nagagamit nang maigi ng mga mamamayan ang koneksyong ito sa masa. Nagsumikap ang mga organisasyong sibil na ito na buoin ang tiwala at kredibilidad nila sa mga lokal na pamayanan. Nakapaghihila ang pakikisangkot sa kampanya at kilusan ng mga grupong ito ng puwersa mula sa baba at maliliit na mga inisyatiba at nakapagpakilos ng

mas maraming mamamayan na dati’y hindi aktibo. Ayon kay Trisasongko, mayroon nang koneksyon sa mga lokal na CBO ng pamayanang Muslim ang ilan sa mga CSO sa loob ng koalisyong CICAk, sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga sibikong proyekto, tulad ng adbokasiya sa wastong pagbabadyet, panloob na sistema ng pananagutan at laban kontra-katiwalian. Bilang bunga, napakilos ng kampanya ang sambayanan sa gana ng koneksyon ng mga CSO sa mga lokal na grupo.

7. Pinatutunayan ng kampanyang CICAk ang pangunahing salik ng pag-aaral ng panlipunang pagtanggap – hindi monolitiko ang mga sistema ng katiwalian at pang-aapi na naglalakip ng mga tagapagpaganap at institusyong pang-estado at sa labas nito (sandigan ng suporta para sa sistema o sa nang-aapi). Posibleng makatagpo ng mga kaalyado at taga-suporta sa loob ng sistema, makapagpabago ng pinapanigan, at palihim na makipagnegosasyon sa kanila, tulad ng ginawa ng kampanyang CICAk sa ilang indibidwal sa Pambansang Kapulisan at sa Tanggapan ng Attorney General.

Ipinaliwanag ni Masduki ang ganitong paglapit:

Hindi ako naniniwalang tiwali ang lahat ng opisyal ng pamahalaan. Dapat na maging bunga ng kolektibong pagkilos, ng sambayanan, pamahalaan at pati na ang sektor ng pagnenegosyo, ang kilusang lumalaban sa katiwalian. Mahalaga para sa akin na mapabilang sa adbokasyang ito ang pagpapalakas ng tiwala sa loob at pagitan ng pamahalaan, sektor ng pagnenegosyo, at pangkalatahang lipunan. Nararapat na maging mulat sa mga benepisyo ng pakikibaka laban sa katiwalian ang mga kasapi ng adbokasyang ito at maani nila ang mga ito. Kung wala ang mga ito, hindi natin makukuha ang kumpiyansa ng sambayanan (*I*

*believe not all government officials are corrupt. The anticorruption movement should be decided by collective action, by people, the government and also the business sector. It is very important for me that anticorruption [work] includes confidence building among and inside government, business and the whole of society. Everyone involved should also be aware of and reap the benefits of anticorruption work. Without these, we could not get support from the population).*⁶⁴

Organisasyon, pagpapalano, pangangalap ng impormasyon.

8. Mainam para sa mga sibikong inisyatiba ang pagkakaraon ng mabisang pagkakahati-hati ng trabaho sa kampanya, partikular na sa konteksto ng koalisyon o alyansa ng magkakaibang grupo. Maaaring pagtuonan ng pansin ng liderato ang sistematikong paghahati ng papel upang maiwasan ang pagdodoble ng trabaho, magamit nang mahusay ang pinagkukunang yaman at kapasidad, at mapanatili ang pagkakasundo sa hangarin.
9. Lampas pa sa pagbuo ng mga estratehiya at pagpapasya ng mga indibidwal na punong-abala sa sibikong inisyatiba ang konsepto ng pamumuno. Para kay Trisangko, “Mahalaga ito hindi lamang sa konteksto ng mga tao kundi sa paglikom o pagsasama-sama ng mga ideya (*It is important, not just in terms of persons but of ideas*).” Nakapagdaragdag ang kaniyang saloobin ng panibagong dimensiyon sa isang pangunahing salik sa pagbubuo ng kilusang panlipunan – ang diskursong pangkilusan (*movement discourse*) – na ipinaliwanag ni Hardy Merriman, isang mag-aaral ng di-marahas na pagkilos, bilang “mga naratibo, mga balagkas na nagbibigay ng

kamalayan, mga pakahulugan, at wika” ng kilusan o kampanya (*the narratives, cognitive frames, meanings, and language*” of the movement or campaign).”⁶⁵

10. Ang pagtitimbang ng mga bagay-bagay ay isa sa mga dapat isaalang-alang sa mga sibikong inisyatiba, gaya ng: napagplanuhan kontra sa kung anong biglaan; ano dapat ang sentralisado kontra sa ano dapat ang desentralisado; sino ang gumagawa ng mga estratehikong desisyon at kumakatawan sa kampanya sa pinakagitna nito kontra sa sino ang nasa laylayan; at gaano kalawak ang kalayaan sa pagpapasya sa pagitan ng mga nasa gitna ng kampanya at mga lokal na grupo at aktibista. Tulad ng *Addiopizzo* sa Italya, nag-ingat ang pamunuan ng CICAK upang estratehikong tugunan ang mga isyung iyon, sa halip na ipagsawalang-bahala na lamang o pabayaang lamang ang mga itong hulmahin ang sitwasyon.
11. Nagpapakita ng isa pang halimbawa ng mga kritikal na papel na ginagampanan ng edukasyon at pangangalap ng impormasyon sa panlipunang pagtangga ang kampanyang CICAK. Inanyayahan ng mga punong-abala ng kampanya mula sa Jakarta ang mga ekspertong ligal galing sa mga pamantasan, upang magsagawa ng pagpapakahulugan ng batas at mga proseso nito. Halimbawa, sinabi ng pulisya na iligal ang kapangyarihan sa pagpapasya ng dalawa sa limang komisyonado ng KPK at ginamit nila ang paratang na ito upang gawing dahilan sa pagpapahinto sa mga gawain ng institusyon. Pinabulaan ito ng CICAK at mga ekspertong ligal sa pamamagitan ng pagpapahayag ng sariling opinyon at argumentong ligal, na nakatulong upang pigilin ang mga balak ng pulisya, at, higit na mahalaga, binigyan ng lakas ng loob ang mga opisyal ng KPK upang lalong maging masigasig sa paglilingkod.

Mga Taktika.

12. Nakatutulong ang paggamit ng komedyang o katatawanan sa kampanya o pagkilos.

Nagagamit ito bilang taktikang mababa ang panganib sa ilang konteksto, upang makapagpahayag ng mga seryosong mensahe, at upang makapagwaksi ng takot.

Gumagana rin ang katatawan sa anumang uri ng tao, kaya nakabubuo ito ng pagkakakilanlan ng lipunan at nakapagpapatibay ng pagkakaisa.

13. Hindi lamang mga simbolikong taktika ang mga pagkilos sa lansangan, tulad ng mga

protesta, demonstrasyon, at pagmartsa. Maaaring makapagdulot ang mga ito ng

panlipunang puwersa sa mga maykapangyarihan. Sa kaso ng CICA, “Kinailangan

ng pamahalaan na bigyan sila ng pansin o lalo lamang silang lalaki nang lalaki (*The*

government had to consider them otherwise they would keep getting bigger and

bigger),” wika ni Widoyoko. “Katulad noong 1998 [kilusang *Reformasi*], nagsimula

lamang sila sa ibaba at nang walang naging tugon, doon sila lumaki (*It was like 1998*

[Reformasi movement], they started small and when there was no response, they

grew).”

14. Katulad ng sa *Ficha Limpa* sa Brasil, ginamit ang makabagong teknolohiyang pang-

impormasyon at pang-komunikasyon upang makapaglinang ng diwa ng pagmamay-

ari sa kampanya at pagkakakilanlang panlipunan. Isang pormang *digital* ng

pagpapakilos ng mamamayan ang akbitismong *online*, kahit sa simpleng pagsali

lamang sa malaking Facebook group, na kung isasabay sa mga pagkilos sa tunay na

buhay ay maaaring makalikha ng matibay na puwersang panlipunan.

Mga taga-labas na tagapagpaganap (*third-party actors*).

15. Taliwas sa mga sistema ng katiwalian – na binubuo ng mga lantaran at patagong pakikipag-ugnayang tiwali at may kaakibat na pansariling interes – maaaring makabuo ng alternatibong sistema ng mabungang pakikipag-ugnayang batay sa pagkakaisa ng sambayanan, mga sentimyento, pinag-isang galit, mga layon, at iisang kalaban o mga kalaban ang mga di-marahas na kilusang panlipunan at kampanya. Bukod rito, hindi maaaring maidulot lamang ng mga taga-labas na tagapagpaganap, kahit pa ng katulad ng mga grupong lumalaban sa katiwalian at nagsusulong ng tunay na kaunlaran at mga tagapagtaguyod ng mga karapatang pantao, ang halimbawa nitong magkakaugnay na mga sistema ng lakas ng bayan, gaano man kabuti ang kanilang mga intensiyon. Gayunpaman, maaaring makipagbigay ng pakikiisa ang mga taga-labas na grupo, tulad na lamang ng ginawa ng misyong UNODC sa Jakarta noong makipagpulong ang mga ito sa mga pinuno ng CICAUP upang pag-usapan ang katayuan ng pagsunod ng Indonesia sa United Nations Convention Against Corruption.
16. May mga kritikal na epekto ang dinamika ng pagkakaisa at ang organikong pagsibol ng mga sistema ng lakas ng bayan sa pamamagitan ng panlipunang pagtangga sa mga panlabas na mga grupong nakikipag-ugnayan sa mga lokal na CSO at CBO:
- Huwag ipagsawalang-bahala ang mga CSO na bagaman mapagkumbaba ay maraming koneksyon sa pabor ng mga NGO na pinamumunuan lamang ng mga naghaharing-uri at nakaaangat sa buhay, sapagkat ang una’y may kredibilidad, mga koneskyon, at pakikipag-ugnayan sa mga nasa lokal na pamayanan;

- Huwag lumikha ng sitwasyon kung saan nakikipagpaligsahan ang mga CSO sa kapwa nila, sapagkat maaari nitong sirain ang mga mabuting pakikipag-ugnayan, pakikipagtulungan, potensiyal na pagkakaisa sa inisyatiba, at mga sistema ng lakas ng bayan.

Mula sa mga limitadong kampanya, lilipat ang tuon ng paksa ng mga Kabanata 6 at 7 sa mga nagpapatuloy na mga kilusang panlipunan na may kapwa pangmatagalang layunin at mga panandaliang layon. Sa mga kabanatang ito, matutunghayan kung paano pinunterya ng kilusang Addiopizzo na pinamumunuan ng kabataan ang mafia sa Palermo, Italya at kung paano bumubuo ng pambansang kilusan ng pagpapalakas ng sambayanan at pagtakwil sa katiwalian ang Fifth Pillar ng India.

MGA SANGGUNIAN (ENDNOTES)

¹ Kumplikado ang sistema ng pagpapangalan sa Indonesia, at karaniwan para sa mga tao ang pagkakaroon ng isang pangalan lamang.

² Adelburtus Irawan Justiniarto Hartono, *State-Business Relations in Post-1998 Indonesia: The Role of Kadin*, Ph.D. Thesis (Groningen, Netherlands: University of Groningen, 2011).

³ Nagsimulang manungkulan si Suharto noong 1965 nang maging bahagi siya ng pakikialam ng militar kay Pangulong Sukarno, ang dating pinunong awtoritaryan na nangunang itatag ang pagtutol laban sa kolonyal na pamunuan ng mga Olanda. Lumipat

ang bansa mula sa maka-Kaliwang awtokrasyang pamunuan patungo sa maka-Kanang diktadura ng militar. Nang manungkulan si Suharto, umabot sa tinatayang 500,000-1,000,000 kataong kasapi ng ligal na pangkat ng mga maka-Kaliwa at mga grupong komunista ang pinaslang mula sa taong 1965 hanggang 1966 na itinuring ng mga iskolar bilang sistematikong pagpatay ng lahi (*genocide*), at higit sa isang milyon ang ibinilanggo nang walang paglilitis, mula sa mga manunulat, mga alagad ng sining, at mga makata, hanggang sa mga guro at karaniwang mamamayan.

Derailed: Transitional Justice in Indonesia Since the Fall of Suhaerto, ICTJ and KontraS, Marso 2011, http://ictj.org/sites/default/files/ICTJ-KontraS-Indonesia-Derailed-Report-2011-English_0.pdf

⁴ Hartono, *Ibid.*

⁵ *Ibid.*, 58.

⁶ I. N. Bhakti, “The Transition to Democracy in Indonesia: Some Outstanding Problems,” in *The Asia-Pacific: A Region in Transition*, ed. Jim Rolfe (Honolulu: The Asia Pacific Center for Security Studies, 2004), 195-206.

Adrian Karatnycky and Peter Ackerman, *How Freedom is Won: From Civic Resistance to Durable Democracy* (New York: Freedom House, 2005).

⁷ Ipinaliwanag ni Dadang Trisasongko, isang beterano ng kilusang pandemokrasyang *Reformasi* at pinuno ng lipunang sibil, na binigyan ng mandato ng *Anti-Corruption Court Act of 2009* ang Korte Suprema na magtatag ng mga hukumang laban sa korapsyon sa lahat ng purok sa bansa (lampas sa 400) and sa lahat ng 36 na probinsya. Hanggang noong Mayo 2012, naitayo na ang mga hukumang ito sa mga kabiserang lungsod ng 33 probinsiya.

⁸ Emil Bolongaita, “A New Model for an Anti-Corruption Agency? Indonesia’s Corruption Eradication Commission,” Presentasyon sa Symposium on the Fundamentals of an Effective Anti-Corruption Commission, Asian Institute of Management, ika-6 ng Mayo, 2011.

⁹ “Attacks after reports on police corruption in Indonesia,” Deutsche Welle, ika-20 ng Hulyo, 2010, <http://www.dw-world.de/dw/article/0,,5819517,00.html>.

¹⁰ Bolongaita, Ibid.

Tim Lindsey, “Indonesia’s gecko-gate,” *The Australian*, ika-20 ng Nobyembre, 2009, <http://www.theaustralian.com.au/opinion/indonesias-gecko-gate/story-e6frg6zo-1225799912887>.

¹¹ Nakabase ang pagsusuri ng kaso ng CICA sa mga panayam na isinagawa noong Abril 2009 kina Dadang Trisasongko, dating kasama ng Kemitraan at kasalukuyang Punong Ehekutibo ng Transparency International-Indonesia, at Ilian Deta Arta Sari, Danang Widodojoko, and Emerson Yuntho ng Indonesia Corruption Watch, na direktang bahagi ng kampanya. Nagbahagi sila ng kanilang salooban sa kanilang personal na kapasidad at hindi bilang opisyal na kinakatawan ng mga institusyong kanilang kinabibilangan.

¹² Bilang halimbawa, sa simula ng panunungkulan nito, binigyan ng Hukumang Pangkonstitusyon ang Parlyamentaryo ng palugit hanggang 2009 upang makabuo ng bagong batas na nagtatatag sa KPK at Corruption Court. Pinabagal ng mga kinatawan ang pagpasa sa bagong panukalang-batas, na nakita ng tao bilang isang pagtatangka upang tuluyang supilin ito. Noong Setyembre 2009, isang panukalang-batas laban sa korapsyon ang sinulat upang lubos na pahinain ang mga kapangyarihan ng KPK sa pamamagitan ng pagbuwag sa awtoridad nitong magsagawa ng mga lihim na pakikinig sa telepono at

paglilitis ng mga suspek. Hanggang Agosto 2011, nagpatuloy ang mga pagtatangkang maipasa ang panukalang-batas na ito. Ayon sa Transparency International-Indonesia, “labis na pinuna ang inisyatibang ito bilang hindi kinakailangan at pagkilos lamang upang tanggalan ng awtoridad ang KPK (*the initiative has been much criticized as unnecessary and a move to strip the KPK of its authority*).”

Ilham Saenong, “Indonesian NGOs protest an unnecessary revision of anti-corruption laws,” Transparency International, binuksan noong ika-21 ng Marso, 2012, <http://www.ti.or.id/en/index.php/news/2011/08/02/indonesian-ngos-protest-an-unnecessary-revision-of-anti-corruption-laws>.

Norimitsu Onishi, “Corruption Fighters Rouse Resistance in Indonesia,” *New York Times*, ika-26 ng Hulyo, 2009, <http://www.nytimes.com/2009/07/26/world/asia/26indo.html?pagewanted=all>.

Christian von Luebke, “The Politics of Reform: Political Scandals, Elite Resistance, and Presidential Leadership in Indonesia,” *Journal of Current Southeast Asian Affairs* 29, 1, 79-94.

¹³ Gumasta ang pamahalaan ng USD 710 milyon sa pagsagip sa Bank Century, isang maliit na bangkong iniulat na binubuo ng mga kasosyo at depositante mula sa pinakamayayamang pamilya sa bansa. Sanhi ng pagkalugi nito ay ang paglustay sa pondo. Ang halaga ng salaping pansagip (*bailout*) – na sa huli’y higit na malaki nang limang ulit kaysa sa pinapayagan lamang ng Parlyamentaryo – ay hindi ginamit upang muling buhayin ang bangko ngunit direktang pinamigay lamang sa mga kasosyo at depositante.

Tom Allard, "President swept up in Indonesian corruption scandal," *Sydney Morning Herald*, ika-21 ng Nobyembre, 2009, <http://www.smh.com.au/world/president-swept-up-in-indonesian-corruption-scandal-20091120-iqus.html>.

¹⁴ von Luebke, *Ibid*.

¹⁵ Irawaty Wardany, "SBY's in-law Aulia Pohan gets 4.5 years for corruption," *Jakarta Post*, ika-17 ng Hunyo, 2009, <http://www.thejakartapost.com/news/2009/06/17/sby039s-inlaw-aulia-pohan-gets-45-years-corruption.html>.

Noong ika-17 ng Agosto, 2010, sa Araw ng Kasarinlan ng Indonesia, binigyan ng kapatawaran at pagpapababa sa kaparusuhan ni Pangulong Yudhoyono si Pohan, na nauwi sa pagkakabilanggo sa loob lamang ng mababa sa dalawang taon mula sa 4.5 taong sentensiya, na noo'y napababa na rin sa tatlong taon lamang.

"Govt to cut graft convicts prison terms for Idul Fitri," *The Jakarta Post*, ika-9 ng Setyembre, 2010, <http://www.thejakartapost.com/news/2010/09/09/govt-cut-graft-convicts%E2%80%99-prison-terms-idul-fitri.html>.

¹⁶ Michael Buehler, "Of Gecko's and Crocodiles: Evaluating Indonesia's Corruption Eradication Efforts" (presentation, CSIC/USINDO, Washington, DC, ika-23 ng Nobyembre, 2009),

http://csis.org/files/attachments/091123_michael_buehler_corruption_presentation.pdf.

"Released KPK Officers Bibit and Chandra Overwhelmed by Public Support," *Jakarta Globe*, ika-4 ng Nobyembre, 2009, <http://www.thejakartaglobe.com/archive/released-kpk-officers-bibit-and-chandra-overwhelmed-by-public-support/>.

¹⁷ Hindi maliwanag ang katayuan ni Antasari sa KPK dahil kilala siya bilang kampeon ng bayan laban sa korapsyon ngunit nasasangkot din sa mga katakatakang gawain, tulad ng

pakikipagpulong sa labas ng kanyang tanggapan sa mga testigong sumasailalim pa lamang sa mga siyasat. Umalma ang Indonesia Corruption Watch sa kaniyang pagkakatalaga sa posisyon noong 2017. Noong Nobyembre 2009, tumestigo si Williardi Wizard, hepe ng presinto ng pulisya, na inutusan siyang makibahagi sa sabwatan upang isuplong si Antasari. Gayunpaman, nasentensiyahan pa rin ang dating komisyonado noong Hunyo 2010 ng pagkakabilanggo sa loob ng 18 taon. Tinanggihan ng Korte Suprema ang mungkahing muling suriin ang kaso noong Pebrero 2012. Mismong ang kapatid na lalaki ng biktima ng pagpaslang ang tumestigo na mayroong mga iregularidad sa paghatol sa inakusahang hepe ng komisyon kontra-katiwalian.

Haryanto Suharman, "Supreme Court Turns Down Antasari's Case Review," *Indonesia Today*, ika-13 ng Pebrero, 2012, <http://www.theindonesiatoday.com/politics/politics-headlines/19144-antasari-azhar-supreme-court-turns-down-antasaris-case-review.html>.

Rangga Prasoka, "Brother of Victim in Antasari Trial Tells the Court About His Doubts," *Jakarta Globe*, ika-23 ng Setyembre, 2011, <http://www.thejakartaglobe.com/home/brother-of-victim-in-antasari-trial-tells-the-court-about-his-doubts/467155>.

Andreas Harsono, "The Gecko vs. the Crocodile," *Reporter's Notebook: Indonesia, Global Integrity Report*, 2009, <http://report.globalintegrity.org/Indonesia/2009/notebook>.

"Antasari 'framed,'" *The Jakarta Post*, ika-11 ng Nobyembre, 2009, <http://www.thejakartapost.com/news/2009/11/11/antasari-%E2%80%98framed%E2%80%99.html>

Illian Deta Arta Sari and Emerson Yuntho, Indonesia Corruption Watch, Panayam, Abril 2009.

¹⁸ Sa Indonesia, ang bansag kay Susno Duadji ay Susno, kay Antasari Azhar ay Antasari, kina Bibit Samad Rianto at Chandra Hamzah ay Bibit at Chandra. Binabansagan sila sa nakasanayang paraan sa kabanatang ito.

¹⁹ Arry Anggadha at Desi Afrianti, “Bibit dan Chandra Diperiksa Sebagai Saksi,” *vivanews.com*, ika-15 ng Setyembre, 2009, binuksan noong ika-30 ng Abril, 2012, http://korupsi.vivanews.com/news/read/90441-bibit_dan_chandra_diperiksa_sebagai_saksi.

²⁰ Harsono, *Ibid.*

²¹ *Ibid.*

Suhartono, “Ternyata, Perppu No. 4/2009 Ada Penjelasannya,” *KOMPAS.com*, ika-24 ng Setyembre, 2009, binuksan noong ika-30 ng Abril, 2012, <http://nasional.kompas.com/read/2009/09/24/1556567/ternyata.perppu.no.42009.ada.penjelasannya>.

²² Norimitsu Onishi, “Corruption Fighters Rouse Resistance in Indonesia,” *New York Times*, ika-26 ng Hulyo, 2009, Nakuha mula sa <http://www.nytimes.com/2009/07/26/world/asia/26indo.html?pagewanted=all>.

²³ Onishi, *Ibid.*

²⁴ Rusian Burhani, “Number of ‘Facebookers’ supporting KPK reaches one million,” *Antara News*, ika-7 ng Nobyembre, 2009, binuksan noong ika-4 ng Oktubre, 2013, <http://www.antaraneews.com/en/news/1257606249/number-of-facebookers-supporting-kpk-reaches-one-million>.

²⁵ Pandaya, “Gecko, crocodile, Godzilla and the politics of brute force,” *Jakarta Times*, ika-11 ng Agosto, 2009, <http://www.thejakartapost.com/news/2009/11/08/gecko-crocodile-godzilla-and-politics-brute-force.html>.

²⁶ von Luebke, *Ibid*.

²⁷ Si Usman Yasin ay nasa Muhammadiyah University sa lalawigan ng Bengkulu sa isla ng Sumatra.

²⁸ Carolina Rumuat, “Indonesia: Criminalizing the graft fighters,” *Global Voices*, ika-3 ng Nobyembre, 2009, binuksan noong ika-4 ng Oktubre, 2013, <http://globalvoicesonline.org/2009/11/03/indonesia-criminalizing-the-graft-fighters/>.

²⁹ Ang mga alagad ng sining na naroon ay ang bandang Slank, Fariz M, Once From Dewa, Jimo Kadi, Cholil, at Netral.

Rina Widiastuti, “Indonesian Artists Create a Song to Support KPK,” *TEMPO interactive*, ika-4 ng Nobyembre, 2009, <http://www.tempointeractive.com/hg/nasional/2009/11/04/brk,20091104-206273,uk.html>.

³⁰ Ang blog ng guro ay galing sa *Senior High School of Northern Jakarta* (SMA 13 Jakarta).

Retnolistyarti's Blog; “Pernyataan Sikap Antikorupsi Siswa SMAN 13 Jakarta,” blog entry, ika-4 ng Marso, 2012, binuksan noong ika-4 ng Oktubre, 2013, <http://retnolistyarti.wordpress.com/2012/03/04/pernyataan-sikap-antikorupsi-siswa-sman-13-jakarta/>.

³¹ Anthony Saich, David Dapice, Tarek Masoud, Dwight Perkins, Jonathan Pincus, Jay Rosengard, Thomas Vallely, Ben Wilkinson, and Jeffrey Williams, *From Reformasi to Institutional Transformation: A Strategic Assessment of Indonesia's Prospects for*

Growth, Equity and Democratic Governance (Boston: Harvard Kennedy School Indonesia Program, 2010), 147.

³² Lindsey, *Ibid.*

³³ Nakakita ako ng mga *graffiti* sa mga pangunahing lansangan, habang gumagawa ng aking pananaliksik sa Jakarta noong Abril 2010.

³⁴ Ang abogado ay si Adnan Buyung Nasution.

³⁵ Ang isang bahagi ng *wiretap recordings* ay napuslit sa media noong ika-29 ng Oktubre, ngunit ang mga laman nito ay hindi isinapubliko hanggang noong ika-3 ng Nobyembre.

³⁶ Ang negosyante ay si Anggodo Widjojo (binabaybay din bilang Widjaja). Ang kapatid niyang lalaki na si Anggoro, na tumakas patungong Singapura, ay sumailalim sa pagsisiyasat ng KPK dahil sa akusasyon ng pagsuhol sa mga opisyal ng kagawaran sa pangangasiwa ng kagubatan na may kinalaman sa mga kontrata at upang alisin ang mga protektadong bakawanan sa Timog Sumatra para sa pagtatayo ng pier.

Harsono, *Ibid.*

³⁷ Allard, *Ibid.*

³⁸ “Released KPK Officers Bibit and Chandra Overwhelmed by Public Support,” *Ibid.*

³⁹ Ang mga video mula sa rally ay maaaring matagpuan sa *link* na ito, binuksan noong ika-4 ng Oktubre, 2013:

<http://www.engagemedia.org/search?SearchableText=cicak>

⁴⁰Prodita Sabarini, “Thousands of people rally for ‘cicak,’” *The Jakarta Post*, ika-9 ng Nobyembre, 2009, <http://www.thejakartapost.com/news/2009/11/09/thousands-people-rally-%E2%80%98cicak%E2%80%99.html>.

⁴¹ Ang bansang Indonesia ang may pinakamalaking populasyon ng mga Muslim sa anumang bansa sa buong mundo. Kinikilala rin nito ang ibang mga relihiyong kinabibilangan ng mga tao sa bansa: Budismo, *Confusianism*, Kristiyanismo, at Hinduismo.

⁴² Jafar Sidik, “Gus Dur vouches for two KPK Deputy Chiefs` innocence,” *Antarnews.com*, ika-31 ng Oktubre, 2009, binuksan noong ika-4 ng Oktubre, 2013, <http://www.antarnews.com/en/news/1256978368/gus-dur-vouches-for-two-kpk-deputy-chiefs-innocence>.

⁴³ Irawaty Wardany at Erwida Maulia, “Support mounts for arrested KPK deputies,” *Jakarta Post*, ika-1 ng Nobyembre, 2009, <http://www.thejakartapost.com/news/2009/11/01/support-mounts-arrested-kpk-deputies.html>.

⁴⁴ Irawaty Wardany at Erwida Maulia, *Ibid*.

⁴⁵ Ang artikulo ukol sa paninirang-puri sa Kodigo ng Kaparusahan ng Indonesia ay ginamit ng mga opisyal upang punteryahin ang mga aktibista at repormista, at pigilin ang pagkontra ng mamamayan at ang kalayaan sa pagpapahayag. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iba’t ibang kaso, katulad ng kay Yuntho at Deta Arta Sari, tingnan ang:

Urgent Appeals Programme and Indonesia Desk, “Indonesia: Two Activists are accused of criminal defamation by the Attorney General after questioning gaps in his annual budget,” Asian Human Rights Commission, ika-4 ng Nobyembre, 2009, <http://www.humanrights.asia/news/urgent-appeals/AHRC-UAC-148-2009>.

⁴⁶ May iba pang mga kaso ng pananakot at karahasan tungo sa mga aktibistang kontra-katiwalian at mga peryodista. Noong 2010, binomba ang tanggapan ng *Tempo*, isang nangungunang peryodiko. Naospital naman ang isang aktibista ng ICW kasunod ng pag-atake ng apat na salarin gamit ang mga pamalong bakal.

Bagus Saragih, “Joint team to investigate assault,” *Jakarta Post*, ika-13 ng Hulyo, 2010, <http://www.thejakartapost.com/news/2010/07/13/joint-team-investigate-assault.html>.

⁴⁷ “‘Gecko vs. crocodile’, 2009”, *Jakarta Post*, ika-24 ng Nobyembre, 2009, <http://www.thejakartapost.com/news/2009/11/24/gecko-vs-crocodile039-2009.html>.

⁴⁸ Karishma Vaswani, “Indonesia fights corruption with people power,” BBC, ika-6 ng Nobyembre, 2009, <http://news.bbc.co.uk/2/hi/8347005.stm>.

⁴⁹ “Susno: Police had special team to target Antasari, Bibit, Chandra,” *Jakarta Post*, ika-11 ng Disyembre, 2010, <http://www.thejakartapost.com/news/2010/01/11/susno-police-had-special-team-target-antasari-bibit-chandra.html>.

⁵⁰ “An Unlikely Indonesian ‘Hero’,” *Asia Sentinel*, ika-5 ng Abril, 2010, http://alicepoon.asiasentinel.com/index.php?option=com_content&task=view&id=2381&Itemid=175.

⁵¹ von Luebke, *Ibid.*

Harsono, *Ibid.*

⁵² Para sa mas malalim na pagsusuri ng magkakaibang senyales at aktuwal na kilos ni Pangulong Yudhoyono sa harap ng usapin ng KPK, tingnan ang:

Buehler, *Ibid.*, 14 – 17.

⁵³ von Luebke, *Ibid.*

⁵⁴ Bagus BT Saragih, “Until the bitter end, SBY mum on task force,” *Jakarta Post*, ika-31 ng Disyembre, 2011, <http://www.thejakartapost.com/news/2011/12/30/until-bitter-end-sby-mum-task-force.html>.

⁵⁵ Sa pinakadulo ng 2010, pinahayag ni Pangulong Yudhoyono ang intensiyon niyang pahabain ang termino ng Task Force nang dalawa pang karagdang taon. Subalit hindi niya ito ginawa. Hindi magkakapareho ang mga pagsusuri sa bisa ng Task Force. Para sa pagsusuri, tingnan ang:

Rendi Witular, “Judicial Mafia Task Force: The unsung crusader,” ika-29 ng Disyembre, 2011, <http://www.thejakartapost.com/news/2011/12/29/judicial-mafia-task-force-the-unsung-crusader0.html>.

⁵⁶ Maaaring tingnan ang *footage* ng di-marahas na pagkilos ng “Save KPK” sa sumunod na *link*, binuksan noong ika-4 ng Oktubre, 2013: <http://vimeo.com/51039023>.

⁵⁷ Arghea Desafti Hapsari, “Zero tolerance for ‘judicial mafioso’: CICA,” *Jakarta Post*, ika-24 ng Pebrero, 2010, <http://www.thejakartapost.com/news/2010/02/24/zero-tolerance-%E2%80%98judicial-mafioso%E2%80%99-cicak.html>.

⁵⁸ Pandaya, *Ibid.*

⁵⁹ Teten Masduki. “A Conversation with Teten Masduki” (Part III). *Voices*, ANSA-EAP Online Channel, ika-13 ng Pebrero, 2011, binuksan noong ika-5 ng Oktubre, 2013, <http://voices.ansa-eap.net/2011/02/conversation-with-teten-masduki-part-3.html>.

⁶⁰ From Reformasi to Institutional Transformation: A Strategic Assessment of Indonesia’s Prospects for Growth, Equity and Democratic Governance, *Ibid.*, 147.

⁶¹ Brian Martin, *Justice Ignited: The Dynamics of Backfire*. (Lanham, MD: Rowman & Littlefield, 2007).

Brian Martin, mga personal na komunikasyon kay Shaazka Beyerle, ika-20 ng Abril, 2013.

⁶² Achmad Sukarsono at Agus Suhana, “Indonesians Hit Facebook, Streets to Protest Anti-Graft Arrest,” *Bloomberg.com*, ika-1 ng Nobyembre, 2009, binuksan noong ika-5 ng Oktubre, 2013,

<http://www.bloomberg.com/apps/news?pid=newsarchive&sid=aAL84cMmWZpo&pos=9>.

⁶³ Kabilang sa mga organisasyong *reformasi*, na itinatag lahat noong 1998, ay ang: Indonesia Corruption Watch; ang grupo para sa mga karapatang pantao na KontraS (The Commission for the “Disappeared” and Victims of Violence); ang National Law Reform Consortium; at ang Indonesian Center for Law and Policy Studies (PSHK).

⁶⁴ Teten Masduki. “A Conversation with Teten Masduki (Part II),” *Voices*, ANSA-EAP Online Channel, ika-6 ng Pebrero, 2011, binuksan noong ika-5 ng Oktubre, 2013, <http://voices.ansa-eap.net/2011/02/conversation-with-teten-masduki-part-2.html>.

⁶⁵ Hardy Merriman. “Forming a Movement.” Presentasyon sa Fletcher Summer Institute for the Advanced Study of Strategic Nonviolent Conflict, Tufts University, ika-20 ng Hunyo, 2011.